


Biyernes
MAYO 01



**KAPISTAHAN NI SAN JOSE,
MANGGAGAWA**
Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Puti)

Salmo 2:6-7, 8-9, 10-11ab
*Anak ng Diyos kailanman
sa simula pa sumilang.*

Unang Pagbasa: Mga Gawa 13:26-33

Mga kapatid, mga anak at lahi ni Abraham, at kayo ring mga may-takot sa Diyos, sa atin ipinadala ang salitang ito ng kaligtasan.

Hindi nga kinilala si Jesus ng mga taga-Jerusalem at ng kanilang mga pinuno, pero sa paghatol nila sa kanya, tinupad nila ang mga salita ng mga propeta na binabasa tuwing Araw ng Pahinga. Bagamat wala silang maiparatang para hatulan ng kamatayan, hiningi nila kay Pilato na patayin siya. At pagkatupad ng lahat ng sinulat tungkol sa kanya, ibinaba siya mula sa krus at inilagay sa isang libingan. Ngunit binuhay siya ng Diyos mula sa mga patay! At sa loob ng maraming araw napakita siya sa mga kasama niyang umahon mula Galilea pa-Jerusalem. Sila ngayon ang mga saksi niya sa sambayanan.

Kaya inihahatid namin sa inyo ang Magandang Balitang ito na ipinangako ng Diyos sa ating mga ninuno. Tinupad nga niya ito sa atin na kanilang mga anak nang buhayin niya si Jesus. Ito ang nasusulat sa ikalawang salmo: *Ikaw ang aking Anak, ipinanganak kita sa araw na ito.*

**Ebanghelyo: Juan 14:1-6
(o Mateo 13:54-58)**

Huwag mabagabag ang inyong mga puso. Manalig kayo sa Diyos, at manalig din kayo sa akin. Maraming silid sa bahay ng aking Ama. Kung hindi'y hindi ko sana sinabi sa inyong: "Pupunta ako upang ipaghanda kayo ng lugar." At pag pumunta na ako at naipaghanda kayo ng lugar, muli akong darating at dadalhin ko kayo sa akin upang kung saan ako naroon, gayon din naman kayo.

At alam n'yo ang daan sa pupuntahan ko." Sinabi sa kanya ni Tomas: "Panginoon, hindi namin alam kung saan ka pupunta. Paano namin malalaman ang daan?" Sinabi sa kanya ni Jesus: "Ako siyang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang nakalalapit sa Ama kundi sa pamamagitan ko.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. John S. Castillo, FDP

PARISH FIESTA:

St. Joseph the Worker Parish, Tala | St. Joseph Parish, NPC | San Jose Ang Tagapagtanggol Parish

DATE OF ESTABLISHMENT:

1997, San Jose Ang Tagapagtanggol Parish | 2013, St. Joseph Parish, NPC

Pagmamasiid

Ano ang pakiramdam mo kapag naliligaw ka, at hindi mo alam ang tamang daananan?

Paghahawi

Sinabi ni Tomas: "Panginoon, hindi namin alam kung saan ka pupunta. Paano namin malalaman ang daan?" Sinabi sa kanya ni Jesus: "Ako siyang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang nakalalapit sa Ama kundi sa pamamagitan ko.

Pagtatabas

Ano ang nararamdaman mo sa sinabi ni Jesus na Siya ang daan papalapit sa Ama?

Pagsasaayos

Kapag naliligaw tayo, nararamdaman natin ang pangamba at takot. Ngunit bilang mga Kristiyano, pinanghahawakan natin ang katiyakan: tinuturo ni Jesus ang Daan patungo sa Diyos Ama. Ginagabayan Niya tayo bilang ating patnubay, liwanag, at buhay. Hindi tayo naliligaw kapag tapat tayong sumusunod sa Kanya.

Sa kapistahan ni San Jose, Manggagawa, ginugunita natin kung paanong buong katahimikan ngunit buong tapang na sinunod ni Jose ang kalooban ng Diyos. Tinanggap niya ang papel bilang ama ni Jesus sa lupa, nagsikap bilang karpintero, at buong puso niyang ipinagtanggol ang Banal na Pamilya. Ipinakita niya ang pananampalatayang masinop, masipag, at mapagpakumbaba.

Matuto nawa tayong sumunod nang may tiwala, tulad ni San Jose. Sikapin nating magtiyaga sa paggawa ng mabuti habang tinatahak natin ang landas na itinuturo ni Kristo.

Pagdiriwang

Ama, salamat po sa pagbigay Ninyo kay Jesus bilang aming Daan. Nananalig kami na sa tapat na pagsunod sa Kanya, hindi kami maliligaw. Amen.

IKA-4 NA LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 4 / (Puti)

San Atanasio

Salmo 98:1, 2-3ab, 3kd-4

Kahit saa'y namamalas
tagumpay ng Nagliligtas.



Sabado
02 MAYO

Unang Pagbasa: Mga Gawa 13:44-52

Ebanghelyo: Juan 14:7-14

Kung kilala ninyo ako, makikilala rin ninyo ang aking Ama. Ngunit ngayon, kilala n'yong siya at nakita ninyo siya."

Sinabi sa kanya ni Felipe: "Panginoon, ipakita mo na sa amin ang Ama at sapat na sa amin." Sinabi sa kanya si Jesus: "Ang tagal na panahon n'yong akong kasama at hindi mo pa ako kilala, Felipe? Sa pagkakita sa akin ninuman, ang Ama ang nakikita niya. Paano mong masasabi: 'Ituro mo sa amin ang Ama'? Hindi ka ba naniniwalang nasa Ama ako at nasa akin ang Ama? Hindi mula sa sarili ko sinasabi ang mga salitang binibigkas ko.

Sa akin nanunuluyan ang Ama, at siya ang gumagawa ng kanyang mga gawa. Maniwala kayo sa akin na nasa Ama ako at nasa akin ang Ama. Kung hindi dahil sa akin, maniwala kayo dahil man lamang sa mga gawa.

Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, magagawa rin ng nananalig sa akin ang gawang ginawa ko; at mas dakila pa kaysa mga ito ang gagawin niya. Sapagkat sa Ama ako papunta. Anumang hingin n'yong sa Pangalan ko'y gagawin ko upang luwalhatiin ang Ama sa Anak. At kung may hingin kayo sa akin sa Pangalan ko, gagawin ko.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Oscar V. Lucas

PARISH FIESTA: Parroquia de la Nuestra Señora dela Paz y Buen Viaje

Pagmamasid

Ginagamit mo ba ang pangalan ng isang taong kilala o may kapangyarihan kapag may hinihiling ka sa iba?

Paghahawi

Sabi ni Jesus: "Anumang hingin n'yong sa Pangalan ko, gagawin ko, upang luwalhatiin ang Ama sa Anak. Kung may hingin kayo sa akin sa Pangalan ko, gagawin ko."

Pagtatabas

Kailan mo ginamit ang Pangalan ni Jesus sa panalangin, at tinugon Niya ang iyong hiling?

Pagsasaayos

Kapag may hinihiling tayo sa kapwa, madalas nating banggitin ang pangalan ng taong may tiwala o koneksyon sa kanila: amo, magulang, kaibigan. Sa ating pananampalataya, ibinigay ni Jesus ang Kanyang Pangalan bilang daan ng ating panalangin.

Tapat ang Kanyang pangako: gagawin Niya ang ating hinihiling sa Kanyang Pangalan. Minsan, agad Niya itong ibinibigay. Minsan, pinaghihintay Niya tayo upang subukin ang ating tiwala. At kung minsan, hindi Niya ibinibigay ayon sa ating gusto, kundi ayon sa mas mabuting paraan na hindi agad natin nauunawaan.

Ang mahalaga: patuloy tayong manalangin, magtiwala, at umasa. Hindi Niya ipagkakait ang anumang makabubuti sa atin.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, batid Ninyo kung ano ang tunay na makabubuti sa amin. Mananalangin kami nang may tiwala, sa Iyong Pangalan. Amen.

Ebanghelyo: Juan 14:1-12

Huwag mabagabag ang inyong mga puso. Manalig kayo sa Diyos, at manalig din kayo sa akin. Maraming silid sa bahay ng aking Ama. Kung hindi'y hindi ko sana sinabi sa inyong: "Pupunta ako upang ipaghanda kayo ng lugar." At pag pumunta na ako at naipaghanda kayo ng lugar, muli akong darating at dadalhin ko kayo sa akin upang kung saan ako naroon, gayon din naman kayo.

At alam n'yo ang daan sa pupuntahan ko." Sinabi sa kanya ni Tomas: "Panginoon, hindi namin alam kung saan ka pupunta. Paano namin malalaman ang daan?" Sinabi sa kanya ni Jesus: "Ako siyang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang nakalalapit sa Ama kundi sa pamamagitan ko. Kung kilala ninyo ako, makikilala rin ninyo ang aking Ama. Ngunit ngayon, kilala n'yo na siya at nakita ninyo siya."

Sinabi sa kanya ni Felipe: "Panginoon, ipakita mo na sa amin ang Ama at sapat na sa amin." Sinabi sa kanya si Jesus: "Ang tagal na panahon n'yo akong kasama at hindi mo pa ako kilala, Felipe? Sa pagkakita sa akin ninuman, ang Ama ang nakikita niya. Paano mong masasabi: 'Ituro mo sa amin ang Ama'?"

Hindi ka ba naniniwalang nasa Ama ako at nasa akin ang Ama? Hindi mula sa sarili ko sinasabi ang mga salitang binibigkas ko. Sa akin nanunuluyan ang Ama, at siya ang gumagawa ng kanyang mga gawa. Maniwala kayo sa akin na nasa Ama ako at nasa akin ang Ama. Kung hindi dahil sa akin, maniwala kayo dahil man lamang sa mga gawa.

Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, magagawa rin ng nananalig sa akin ang gawang ginawa ko; at mas dakila pa kaysa mga ito ang gagawin niya. Sapagkat sa Ama ako papunta.



"Ako siyang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang nakalalapit sa Ama kundi sa pamamagitan ko."

Pagmamasiid

May kilala ka bang taong tila salamin ng kanyang mga magulang ang kanyang pananalita at gawa?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus kay Felipe: "Hindi mula sa sarili ko, sinasabi ang mga salitang binibigkas ko. Sa akin nanunuluyan ang Ama, at siya ang gumagawa ng kanyang mga gawa. Maniwala kayo sa akin na nasa Ama ako, at nasa akin ang Ama. Kung hindi dahil sa akin, maniwala kayo dahil man lamang sa mga gawa."

Pagtatabas

Gaano kalalim ang pananalig ko na nasa Ama si Jesus, at nasa Kanya ang Ama, kaya't ang Kanyang mga salita at gawa ay tunay na galing sa Diyos?

Pagsasaayos

Nakikita ko sa ilang mga tao, pati sa sarili ko, na nakukuha namin ang pananalita at kilos ng aming mga magulang. Ganoon din si Jesus: ipinapahayag Niya ang salita ng Ama at isinasagawa ang Kanyang mga gawa. Pinakikinggan ko si Jesus, kaya naririnig ko ang tinig ng Diyos. Sinusundan ko si Jesus, kaya nilalakaran ko ang landas ng Ama. Pinananampalatayanan ko na sa bawat salita at gawa ni Jesus, ipinakilala Niya ang Diyos na buhay at mapagmahal.

Pagdiriwang

Ama, ipinakilala Ninyo ang Inyong sarili sa amin sa pamamagitan ni Jesus. Sa Kanyang salita at gawa, natutunan naming mahalín Kayo. Amen.

Lunes
MAYO 04



**IKA-5 LINGGO NG
PASKO NG PAGKABUHAY**
Salteryo: Linggo 1 / (Puti)

Salmo 115:1-2, 3-4, 15-16
*Dapat nating papurihan
ang pangalan ng Maykapal.*

Unang Pagbasa: Mga Gawa 14:5-18*

Ebanghelyo: Juan 14:21-26

Ang tumutupad sa tinanggap niyang mga kautusan ko, siya ang nagmamahal sa akin. Mamahalin ng aking Ama ang nagmamahal sa akin, at mamahalin ko rin siya at ipamamalas ko sa kanya ang aking sarili."

Sinabi sa kanya ni Judas, hindi ang Iskariote: "Panginoon, paano mangyayaring sa amin mo ipamamalas ang iyong sarili at hindi sa mundo?" Sumagot si Jesus at sinabi sa kanya: "Kung may nagmamahal sa akin, isasakatuparan niya ang aking salita at mamahalin siya ng aking Ama at pupuntahan namin siya at sa kanya kami gagawa ng silid para sa aming sarili. Hindi naman isinasakatuparan ng hindi nagmamahal sa akin ang aking mga salita. At hindi sa akin ang salitang naririnig n'yo kundi sa Amang nagpadala sa akin.

Sinabi ko sa inyo ang mga ito habang namamalagi pa akong kasama ninyo. Ituturo naman sa inyo ng Tagapagtanggol ang lahat – ang Espiritu Santong ipadadala ng ama sa ngalan ko – at ipaaalala niya sa inyo ang lahat ng sinabi ko sa inyo.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Erickson A. Laguna, AM
PARISH FIESTA: Jesus of Nazareth Parish

Pagmamasadid

Naranasan mo na bang suwayin ang payo ng iyong mga magulang, at sa bandang huli, napagtanto mong tama sila?

Paghahawi

Paliwanag ni Jesus: "Ang tumutupad sa tinanggap niyang mga kautusan ko, siya ang nagmamahal sa akin. Mamahalin ng aking Ama ang nagmamahal sa akin, at mamahalin ko rin siya at ipamamalas ko sa kanya ang aking sarili."

Pagtatabas

Paano ko ipinapakita ang pagmamahal ko kay Jesus sa pamamagitan ng pagtanggap at pagtupad sa Kanyang mga utos?

Pagsasaayos

Tulad ng mga magulang na nagnanais ng mabuti para sa kanilang anak, ibinigay ni Jesus ang Kanyang mga utos upang gabayan tayo sa kabutihan. Kapag tinanggap ko ang Kanyang mga utos at isinabuhay ko ang mga ito, ipinapakita ko ang tunay kong pagmamahal sa Kanya. At sa aking pagsunod, tinutupad Niya ang Kanyang pangako: minamahal ako ng Ama, at ipinamalas ni Jesus ang Kanyang sarili sa akin.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, turuan Ninyo kaming magmahal sa Inyo nang tapat, sa pamamagitan ng masigasig na pagsunod sa Inyong mga utos. Amen.

IKA-5 LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 1 / (Puti)

Salmo 145:10-11, 12-13ab, 21

*Talastas ng mga tao
dakilang paghahari mo.*



Martes
05 MAYO

Unang Pagbasa: Mga Gawa 14:19-28

Ebanghelyo: Juan 14:27-31a

Kapayapaan ang iniwan ko sa inyo; kapayapaan ko ang ibinibigay ko sa inyo. Hindi gaya ng ibinibigay ng mundo ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag mabagabag ang inyong puso, ni panghinaan ng loob. Narinig ninyong sinabi ko sa inyo. 'Paalis ako pero pabalik ako sa inyo.' Kung minahal ninyo ako, magagalak kayo't papunta ako sa Ama pagkat mas dakila sa akin ang Ama.

Ngunit sinabi ko ito ngayon sa inyo bago pa mangyari ito. Hindi ko na kayo kakausapin nang mahaba sapagkat parating na ang pinuno ng mundo. Walang anumang kanya sa akin ngunit dapat malaman ng mundo na mahal ko ang Ama, at ayon sa iniutos sa akin ng Ama, ito mismo ang aking ginagawa.

PARISH FIESTA: Ang Muling Pagkabuhay ng Ating Panginoon Parish

Pagmamaisid

Sa gitna ng kaguluhan, takot, at pagbabago sa mundo, nararanasan pa ba natin ang tunay na kapayapaan?

Paghahawi

Habilin ni Jesus: "Kapayapaan ang iniwan ko sa inyo; kapayapaan ko ang ibinibigay ko sa inyo. Hindi gaya ng ibinibigay ng mundo ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag mabagabag ang inyong puso, ni panghinaan ng loob.

Pagtatabas

Paano ko nauunawaan ang kapayapaang mula kay Jesus? Sa anong paraan ito naiiba sa kapayapaang iniaalok ng mundo?

Pagsasaayos

Madalas nakabatay sa pansamantalang kasunduan, pansariling interes, o katahimikan na may kapalit ang kapayapaang mula sa mundo. Ngunit hindi nagbabago ang kapayapaang ibinibigay ni Jesus sa halip nagbubunga ito ng tiwala, pananampalataya, at presensya ng Diyos sa ating buhay. Ito ang kapayapaang hindi nabubura ng problema, hindi natitinag ng takot, at hindi nasisira ng kaguluhan. Ito ang kapayapaang nagpapalakas ng loob, nagpapalalim ng pananampalataya, at nagbibigay ng pag-asa.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, sa bawat araw, sa gitna ng hamon at pangamba, turuan Ninyo kaming manalig, upang ang aming puso ay manatiling payapa, matatag, at punô ng pag-asa. Amen.



Unang Pagbasa: Mga Gawa 15:1-6

May mga lalaking dumating noon mula sa Judea, na nagturo sa mga kapatid: “Maliban kung kayo ay tinuli ayon sa kaugalian ni Moises, hindi kayo maliligtas.”

Nagkaroon ng gulo dahil dito at mahigpit silang nilaban nina Pablo at Bernabe. Sapagkat sinabi ni Pablo sa mga tao na mananatili sila sa kanilang kalagayan nang magsimula silang manampalataya. Sa dakong huli’y iminungkahi ng mga dumating mula sa Jerusalem na magpunta sa Jerusalem sina Pablo at Bernabe at ang ilan pa sa kanilang grupo upang iharap ang problemang iyon sa mga apostol at sa Matatanda.

Kaya sinugo sila ng Iglesya. Nang dumaan sila sa Fenicia at Samaria, sinabi nila kung paano nagbalik-loob sa Diyos ang mga di-Judio kayat nagalak ang lahat ng kapatid. Pagdating nila sa Jerusalem, tinanggap sila ng Iglesya, ng mga apostol at ng Matatanda. Ipinahayag nila sa mga ito ang lahat ng ginawa ng Diyos sa pamamagitan nila.

Ngunit tumindig ang ilan sa pangkat ng mga Pariseong nananampalataya, at sinabi: “Kailangang tulin din ang mga di-Judio at utusan silang tuparin din ang batas ni Moises.” Kaya nagtipon ang mga apostol at Matatanda para harapin ang bagay na ito.

Ebanghelyo: Juan 15:1-8

“Ako siyang totoong puno ng ubas at ang Ama ko ang magsasaka. Pinuputol niya ang bawat sangang di namumunga sa akin; at pinupungusan naman niya’t nililinis ang bawat namumunga upang higit pang mamunga.

Ngayon malinis na kayo dahil sa salitang binigkas ko sa inyo. Mamalagi kayo sa akin, at ako sa inyo. Hindi makapamumunga ang sanga sa ganang sarili, malibang mamalagi ito sa puno ng ubas; gayundin naman kayo, malibang mamalagi kayo sa akin. Ako siyang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang namamalagi sa akin at ako sa kanya, siya ang namumunga nang sagana pagkat hiwalay sa aki’y hindi kayo makagagawa ng anumang. Kung hindi namamalagi sa akin ang sinuman, ihahagis siya sa labas gaya ng sangang natuyo na tinitipon at ginagatong sa apoy at nagliliyab.

Kung mamamalagi kayo sa akin at mamamalagi sa inyo ang mga pananalita ko, hingin ninyo ang anumang loobin n’yo at magkakagayon sa inyo. Sa ganito parangalan ang aking Ama: kapag namunga kayo nang sagana at naging mga alagad ko.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Noel O. Flaviano

Pagmamasad

Masasabi mo ba na namamalagi ka o nakakabit sa isang puno? Sino o ano ito?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: “Hindi makapamumunga ang sanga sa ganang sarili, malibang mamalagi ito sa puno... gayundin naman kayo, malibang mamalagi kayo sa akin. Ang namamalagi sa akin, at ako sa kanya, siya ang namumunga nang sagana...”

Pagtatabas

Sa aking karanasan, nakikita ko ba ang bunga ng pamamalagi kay Jesus—sa sarili ko, o sa ibang tao?

Pagsasaayos

May kilala akong pari na marami ang nagsasabi na namamalagi siya kay Jesus, at si Jesus sa kanya. Masagana siyang namumunga dahil marami sa aming parokya ang humahanga sa kanyang kabutihan at kabanalan. Napakarami ang dumalo sa kanyang huling sandali sa aming simbahan. Ibang relihiyoso na katulad ng hinahangaan naming pari ang maraming mga proyekto at gawain na nakakabuti sa mga mahihirap.

Pagdiriwang

Ama, nawa, bilang tagasunod ng Panginoong Jesus, mamalagi Siya sa amin, at mamunga rin kami nang masagana.

IKA-5 LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 1 / (Puti)

Salmo 96:1-2a, 2b-3, 10

*Sa lahat ay pinahayag
gawa ng Poong nagligtas.*



Hawebes
07 MAYO

Unang Pagbasa: Mga Gawa 15:7-21*

Pagkatapos ng mahabang pagtatalo, tuminig si Pedro at sinabi: “Mga kapatid, alam ninyo ang nangyari sa piling ninyo nang mga nakaraang araw. Inatasan nga ako ng Diyos na ipangaral sa mga di-Judio ang salita ng ebanghelyo at nanampalataya sila. At ipinagtanggol sila ng Diyos na nakaaalam sa puso, nang ibigay niya sa kanila ang Espiritu Santo, tulad ng ginawa niya sa atin. Hindi niya tayo itinangi sa kanila, kundi nilinis din niya ang kanilang mga puso sa pananampalataya. Bakit ninyo sinusubok ngayon ang Diyos? Bakit ninyo ipinapataw sa kanila ang pasaning hindi natin nakayang dalhin ni ng ating mga ninuno? Naniniwala nga tayo na naligtas tayo tulad nila dahil sa kaloob ng Panginoong Jesus, at gayundin sila.”

Natahimik ang buong kapulungan: pina-kinggan nila sina Bernabe at Pablo sa pagsasalaysay nila sa mga kababalaghan at himalang ginawa ng Diyos sa mga di-Judio sa pamamagitan nila. Matapos silang magsalita, tumindig si Jaime at nagsalita: “Makinig kayo, mga kapatid. Isinalaysay ni Simon ang unang pagkilos ng Diyos sa pagbuo ng bayang talagang kanya mula sa mga di-Judio. At sinang-ayunan ito ng mga propeta.

Babalik ako pagkatapos nito at muli kong itatayo ang bumagsak na bahay ni David. Muli kong ibabangon ang mga guho nito at ititindig upang ang Panginoon’y hanapin din ng ibang mga tao ng lahat ng bansa, pagkat sumasakanila ang aking Pangalan. Ito ang sabi ng Panginoon: siya ang gagawa nito, na nagpahayag noon pa mang una.

Kayat pasya ko na huwag nating guluhin ang mga di-Judio na lumalapit sa Diyos. (...)

Ebanghelyo: Juan 15:9-11

Kung paano ako minamahal ng Ama, gayon ko rin kayo minahal. Mamalagi kayo sa pagmamahal ko. Kung isasakatuparan ninyo ang mga kautusan ko, mamamalagi kayo sa pagmamahal ko kung paanong isinakatuparan ko ang mga kautusan ng aking Ama at namamalagi sa kanyang pagmamahal.

Sinabi ko sa inyo ang mga ito upang mapasainyo ang aking kagalakan at maging ganap ang inyong kagalakan.

DATE OF ESTABLISHMENT: 2018, St. John Paul II Parish

Pagmamasid

Masunurin ba tayo sa ating mga magulang? Nagagalak ba tayo sa pagsunod sa kanila, at sa pagmamahal nila?

Pagbahawi

Inihayag ni Jesus: “Kung paano ako minamahal ng Ama, gayon ko rin kayo minahal. Kung isasakatuparan ninyo ang mga kautusan ko, mamamalagi kayo sa pagmamahal ko, kung paanong isinakatuparan ko ang mga kautusan ng aking Ama, at namamalagi sa kanyang pagmamahal. Sinabi ko sa inyo ang mga ito upang mapasainyo ang aking kagalakan at maging ganap ang inyong kagalakan.”

Pagtatabas

Natutupad ko ba ang mga kautusan ng Panginoong Jesus? Nagagalak ba ako sa pagsunod sa Kanya, at sa Kanyang pagmamahal?

Pagsasaayos

Hinihikayat tayo ni Jesus na sumunod sa Kanyang mga utos, tulad ng Kanyang pagsunod sa Ama. Sa ganitong paraan, nananatili tayo sa pag-ibig ng Diyos. Ang pagmamahal ng Ama kay Jesus ay siya ring pagmamahal ni Jesus sa atin. Kapag tayo ay masunurin, nagagalak ang Diyos, at tayo rin ay nagkakaroon ng kagalakang ganap.

Pagdiriwang

Ama, tulad ng Panginoong Jesus, tulungan Niyo kaming tuparin ang mga kautusan Niyo, at mamalagi sa Inyong pagmamahal.

Biyernes
MAYO 08



**IKA-5 LINGGO NG
PASKO NG PAGKABUHAY**
Salteryo: Linggo 1 / (Puti)

Salmo 57:8-9, 10 at 12
*Sa gitna ng mga bansa
sabiing "D'yos ay Dakila!"*

Unang Pagbasa: Mga Gawa 15:22-31

Minabuti ng mga apostol at ng Matatanda, kasama ng buong Iglesya, na pumili ng mga lalaking pasasamahin nila kina Pablo at Bernabe pa-Antiokiya. Pinili nila si Judas na tinatawag na Barsabas at si Silas na kinikilala sa mga kapatid. At ipinadala sa kanila ang sulat na ito:

"Pagbati ng mga apostol at Matatanda na mga kapatid sa mga kapatid na di-Judio sa Antiokiya, Siria, at Cilicia. Nabalitaan namin na ginugulo kayo ng ilan sa amin at nabalisa tuloy ang inyong loob. Hindi namin sila sinugo. Kayat nang malaman namin ito, napagkaisahan naming pumili ng mga taong papupuntahin sa inyo, kasama nina Bernabe at Pablo – mga lalaking itinalaga ang sarili sa ating Panginoong Jesucristo.

Kaya ipinadadala namin sa inyo sina Judas at Silas na siyang magsasabi sa inyo ng mga bagay na ito. Minabuti namin at ng Espiritu Santo na hindi namin ipataw sa inyo ang anumang, maliban sa sadyang kailangan: umiwas kayo sa pagkaing inialay sa mga diyus-diyusan at huwag gawin sa iba ang ayaw ninyong gawin nila sa inyo. Tuparin ninyo ito at mapapabuti kayo. Paalam."

Umalis sina Pablo at bumaba sila sa Antioqiya. Tinipon nila roon ang lahat ng tao at ibinigay ang sulat. At ikinagalak nilang lahat ang gayong tagubilin.

Ebanghelyo: Juan 15:12-17

*I*to ang kautusan ko: magmahalan kayo kung paano ko kayo minahal. Wala nang pagmamahal na hihigit pa sa pag-aalay ng sariling buhay alang-alang sa kanyang mga kaibigan.

Mga kaibigan ko kayo kung ginagawa ninyo ang iniutos ko sa inyo. Hindi ko na kayo tinatawag na mga lingkod sapagkat hindi alam ng lingkod ang ginagawa ng kanyang panginoon.

Mga kaibigan naman ang turing ko sa inyo sapagkat ipinagbibigay-alam ko sa inyo lahat ng narinig ko mula sa aking Ama.

Hindi kayo ang humirang sa akin, ako ang humirang sa inyo at nagtalaga sa inyo para humayo at mamunga, at mamalagi ang inyong bunga. At ipagkakaloob sa inyo anumang hingin n'yo sa Ama sa pangalan ko.

Iniutos ko nga sa inyo: magmahalan kayo.

BIRTHDAY:

Rev. Fr. Job Callarackal, MS | Rev. Fr. Peter C. Hequilan, Cm | Rev. Fr. Christopher V. Santos

DATE OF ESTABLISHMENT: 2003, Sta. Krus Parish

Pagmamasisid

Gaano ko kamahal ang aking mga kaibigan?

Paghahawi

Ang kautusan ni Jesus: "Magmahalan kayo kung paano ko kayo minahal. Wala nang pagmamahal na hihigit pa sa pag-aalay ng sariling buhay alang-alang sa kanyang mga kaibigan. Mga kaibigan ko kayo, kung ginagawa ninyo ang iniutos ko sa inyo. Hindi ko kayo tinatawag na lingkod, sapagkat hindi alam ng lingkod ang ginagawa ng kanyang panginoon... ipinagbibigay-alam ko sa inyo lahat ng narinig ko mula sa aking Ama... ako ang humirang... at nagtalaga sa inyo, para humayo, mamunga, at mamalagi ang inyong bunga... ipagkakaloob sa inyo anumang hingin n'yo sa Ama sa pangalan ko."

Pagtatabas

Paano ko mamahalin ang aking mga kaibigan tulad ng pagmamahal ni Jesus sa ating lahat? Kaya ko ba ito?

Pagsasaayos

Sa Bagong Tipan ng Bibliya, ipinakita ni Jesus ang pagmamahal sa mga tao sa pagtuturo, paggagamot ng maysakit, at pag-alay ng Kanyang buhay sa Krus. May mga bayani tayong nag-alay ng buhay para sa ating bayan. Ang wagas na pag-ibig ni Jesus sa atin, walang hinihinging kapalit, at naayon sa Kalooban ng Ama sa Langit. Kailangan ko ang lubos na grasya ng Diyos sa pagsunod at pagsabuhay ng mga turo at aral ni Jesus sa pakikipag-kaibigan sa kapwa, kahit sinuman siya.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, nawa matutunan kong mahalin nang wagas ang aking kapwa, gaya ng pagmamahal Niyo sa aming lahat.

IKA-5 LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 1 / (Puti)

Salmo 100:1b-2, 3, 5
*Purihin ng lahat ang D'yos,
parangalan s'yang malugod.*



Sabado
09 MAYO

Unang Pagbasa: Mga Gawa 16:1-10

Nagpunta rin si Pablo sa Derbe at Listra. Naroon ang isang alagad na tinatawag na Timoteo na anak ng isang babaeng Judiong sumasampalataya; at Griyego naman ang ama. Inirekomenda si Timoteo ng mga kapatid sa Listra at Iconio. Kaya gusto ni Pablóng isama si Timoteo, at isinama nga niya ito at tinuli sapagkat alam ng lahat ng Judio sa lupaing iyon na Griyego ang ama nito.

Sa kanilang pagdaan sa mga lunsod, sinabi nila ang tagubilin ipinasya ng mga apostol at Matatanda sa Jerusalem, upang matupad nila ang mga iyon. Tumibay naman sa pananampalataya ang mga Iglesya, at parami nang parami ang mga ito araw-araw.

Nagtuloy sila sa mga rehiyon ng Frigia at Galasya matapos hadlangan ng Espiritu Santo na ipangaral ang Salita sa lupain ng Asia. Pagdating nila sa hangganan ng Misia, gusto sana nilang magpatuloy pa-Bitinia, ngunit hindi ito ipinahintulot ng Espiritu ni Jesus. Kaya dumaan sila sa Misia at nagtuloy sa Troas.

Nang gabing iyon, nagkaroon ng pangitain si Pablo: isang lalaking taga-Macedonia ang nakatayo at nakikiusap sa kanya: "Pumunta ka naman sa Macedonia at tulungan kami." Pagkagising ni Pablo, isinalaysay niya sa amin ang pangitain at naunawaan namin na tinatawag kami ng Diyos na ipangaral ang ebanghelyo sa mga taga-Macedonia.

Ebanghelyo: Juan 15:18-21

Kung napopoot sa inyo ang mundo, alamin n'yo na sa akin muna ito napoot bago sa inyo. Kung kayo'y makamundo, inibig na sana ng mundo ang sariling kanya. Ngunit dahil hindi kayo makamundo kundi hinirang ko kayo mula sa mundo kaya napopoot sa inyo ang mundo.

Tandaan ninyo ang salitang sinabi ko sa inyo: 'Walang lingkod na mas dakila sa kanyang panginoon.' Di ba't inusig nila ako? Uusigin din kayo. Tinupad ba nila ang aking salita? Gayon din nila tutuparin ang sa inyo. Gagawin nila sa inyo ang lahat ng ito dahil sa aking pangalan sapagkat hindi nila nakikilala ang nagpadala sa akin.

PARISH FIESTA: Ascension of Our Lord Parish

Pagmamasiid

Nagbabago ba ang pakikipag-kapwa ko sa isang sugo, kung kilala ko ang nagsugo sa kanya?

Paghahawi

Paalala ni Jesus: "Alalahanin ninyo ang sinabi kong ito: walang aliping higit kaysa kanyang panginoon. Kung inusig ako nila, uusigin din nila kayo. Kung sinunod nila ang aking sinabi, susundin rin nila ang inyong sasabihin. Subalit ang lahat ng ito, gagawin nila sa inyo, dahil sa akin, sapagkat hindi nila kilala ang nagsugo sa akin."

Pagtatabas

Kilala ba natin ang nagsugo kay Jesus sa lupa?

Pagsasaayos

Mataas ang turing natin sa isang sugo ng mataas na taong kilala natin. Sugong Ama ang Panginoong Jesus, ang Kanyang Bugtong na Anak, upang iligtas ang sanlibutan sa kasalanan. Hindi natin mahihigitan ang pagmamahal, awa, at kapangyarihan ni Jesus na galing sa Ama. Dahil tayong lahat mga anak ng minamahal nating Ama, narapat lang mahalin at sundin ang Kanyang Diyos Anak, ang ating Panginoon.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa Inyong dalisay na pagmamahal sa aming lahat. Nawa bawat araw ng aming buhay isang pag-aalay ng aming sarili bilang Inyong lingkod, at pagsasabuhay ng mga turo at aral ng Inyong sugo, ang Panginoong Jesus, para sa Inyong kaluwalian.


Alalahanin na sadyang namatay si Kristo dahil sa mga kasalanan; namatay ang matuwid alang-alang sa di-matuwid upang dalhin kayo sa Diyos. Pinatay siyang tao at binuhay nang espirituwal.

Ebanghelyo: Juan 14:15-21

Kung mahal ninyo ako, isasakatuparan ninyo ang mga kautusan ko. At hihingin ko sa Ama at ibibigay niya sa inyo ang bagong Tagapagtanggol upang makasama ninyo magpakailanman: ng Espiritu ng katotohanan na hindi matatanggap ng mundo dahil hindi siya nito napapansin ni nakikilala. Kilala ninyo siya sapagkat namamalagi siya sa inyo at sasainyo siya.

Hindi ko kayo iiwang ulila; pabalik ako sa inyo. Kaunti pang panahon at hindi na ako mapapansin ng mundo; ngunit papansinin ninyo ako sapagkat buhay ako at mabubuhay din kayo. Sa araw na 'yon ninyo malalaman na nasa Ama ako, at nasa akin kayo at nasa inyo naman ako.

Ang tumutupad sa tinanggap niyang mga kautusan ko, siya ang nagmamahal sa akin. Mamahalin ng aking Ama ang nagmamahal sa akin, at mamahalin ko rin siya at ipamamalas ko sa kanya ang aking sarili."



"Mamahalin ng aking Ama ang nagmamahal sa akin, at mamahalin ko rin siya at ipamamalas ko sa kanya ang aking sarili."

Pagmamaside

Sinusunod ko ba ang mga utos ng aking magulang? Bakit?

Paghahawi

Wika ni Jesus: "Kung iniibig ninyo ako, tutuparin ninyo ang aking mga utos."

Pagtatabas

Masunurin ba ako sa Diyos tulad ng pagsunod ko sa saking mga magulang?

Pagsasaayos

Hinihikayat tayo ni Jesus na sumunod sa Kanyang mga utos, tulad ng Kanyang pagsunod sa Ama. Sa ganitong paraan, nananatili tayo sa pag-ibig ng Diyos. Ang pagmamahal ng Ama kay Jesus ay siya ring pagmamahal ni Jesus sa atin. Kapag tayo ay masunurin, nagagalak ang Diyos, at tayo rin ay nagkakaroon ng kagalakang ganap.

Ang pagsunod ay hindi hadlang sa kalayaan, kundi daan sa tunay na kagalakan. Sa pagmamahal na masunurin, natutuklasan natin ang kagalakang hindi pansamantala, kundi ganap, isang kagalakang nagmumula sa Diyos.

Pagdiriwang

Banal na Espiritu, isinugo Kayo ng Panginoong Jesus, upang gabayan kami sa araw-araw na pagsasabuhay ng mga kautusan Niya. Punuin Niyo kami ng Inyong liwanag, pagmamahal, at lakas, upang maisagawa namin ang plano ng Panginoong Jesus para sa aming kaligtasan.

Lunes
MAYO 11



**IKA-6 NA LINGGO NG
PASKO NG PAGKABUHAY**
Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

Salmo 149:1b-2, 3-4, 5-6a at 9b
*Panginoò'y nagagalak
sa hinirang n'yang mga anak.*

Unang Pagbasa: Mga Gawa 16:11-15

Naglayag kami mula sa Troas hanggang sa isla ng Samotracia, at dumaong kinabukasan sa Neapolis. Mula roo'y tumuloy kami sa Filipos na pangunahing lunsod sa lupain ng Macedonia at isang kolonyang Romano. Ilang araw kami sa lunsod na iyon.

At sa Araw ng Pahinga, lumabas kami ng lunsod, sa may tabing-ilog, sa pag-asang doon nagtitipon ang mga Judio para manalangin. Naupo kami roon at kinausap ang mga babaeng magkakasama. Isa sa mga babaeng naroon ay nagngangalang Lydia, tindera siya ng mga telang purpura at taga-lunsod ng Tiatura. Kabilang siya sa "mga may-takot sa Diyos."

Binuksan ng Panginoon ang kanyang puso para tanggapin ang mga sinabi ni Pablo. Nagpabinyag siya, pati na ang buo niyang sambahayan, at sinabi niya: "Kung sa tingin ninyo'y tapat ako sa Panginoon, tumuloy kayo sa aking tahanan at doon tumigil." At pinilit niya kami.

Ebanghelyo: Juan 15:26—16:4a

Pagdating ng Tagapagtanggol na ipadadala ko sa inyo mula sa Ama, ang Espiritu ng katotohanan na nagmumula sa Ama, iyon ang magpapatunay tungkol sa akin. At magpapatunay din kayo sapagkat kasama ko kayo mula sa simula.

Sinabi ko sa inyo ang lahat ng ito upang hindi kayo matisod at mahulog. Ititiwalag nila kayo sa kanilang komunidad, at may oras na sasapit na aakalain ng sinumang papatay sa inyo na pag-aalay ito ng pagsamba sa Diyos. At gagawin nila ang mga ito dahil hindi nila nakilala ang Ama ni ako. Kaya naman sinabi ko sa inyo ang lahat ng ito upang pagdating ng oras ay matandaan ninyong sinabi ko sa inyo ang mga ito.

Hindi ko sinabi sa inyo ang lahat ng ito mula sa simula sapagkat kasama ninyo ako.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Alvin C. Balean
PARISH FIESTA: San Isidro Labrador Parish

Pagmamasid

Bago yumao ang magulang o mabuting kaibigan, karaniwan inihahabilin ang anak sa nakakatandang kapatid, asawa o pinagkakatiwalaang kamag-anak nito, o isang matalik na kaibigan.

Paghahawi

Bilin ni Jesus: "...pagdating ng Patnubay na susuguin ko mula sa Ama, ang Espiritu ng katotohanan na nagmumula sa Ama, magpapatotoo siya tungkol sa akin."

Pagtatabas

Paano tayo sinasamahan at ginagabayan ng Espiritu Santo sa ating buhay?

Pagsasaayos

Ibinilin tayo ni Jesus sa Espiritu ng katotohanan na mula sa Ama. Ginagabayan tayong makita ang katotohanan sa maraming maling balita, pangako, o hindi totoong propeta sa ating paligid. Sinasamahan tayo sa masikip ngunit tuwid na daan pabalik sa Ama sa Langit. Binibigyan tayo ng tapang at lakas na ihayag sa mapayapang paraan ang mga turo at aral ni Jesus sa gitna ng mga tuligsa o paninira sa ating pananampalatayang Katolika. Katuwang natin ang Banal na Espiritu sa mabuting pakikipagkapwa at banal na ugnayan sa Ama at Panginoong Jesus.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa liwanag, katotohanan, at pagmamahal dulot ng Inyong mga sugo, ang Panginoong Jesus at Espiritu Santo. Banal na Santatlo, maawa Kayo sa amin.

IKA-6 NA LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 2 / (Puti/Pula)

San Nereo at San Achilles / San Pancrasio

Salmo 138:1-2ab, 2kde-3, 7k-8

*Ligtas ako sa 'yong piling,
lakas ko'y sa 'yo nanggaling.*



Martes
12 MAYO

Unang Pagbasa: Mga Gawa 16:22-34*

(...) Matapos silang paghahampasin ay ipinabilanggo naman sila, at inatasan ang tanod na bantayan silang mabuti. At sa pagtanggap ng gayong utos, ipinasok niya ang mga ito sa kulungan sa loob at ikinadena ang kanilang mga paa. Bandang hatinggabi na at nananalangin at umaawit ng mga papuri sa Diyos sina Pablo at Silas. Nakikinig naman ang iba pang mga bilanggo. At biglang lumindol nang malakas, kaya yumanig ang pundasyon ng piitan. Bumukas din ang lahat ng pinto at nakalag ang kadena ng lahat ng bilanggo. Nang magising ang bantay at makitang bukas ang mga pinto ng kulungan, binunot nito ang kanyang tabak at magpapakamatay na sa pag-aakalang nakatakas ang mga bilanggo. Ngunit sumigaw si Pablo: “Huwag mong saktan ang iyong sarili pagkat narito kaming lahat!”

(...) At matapos niyang sarhan ang ibang mga bilanggo inilabas niya ang dalawa at sinabi: “Mga ginoo, ano ang dapat kong gawin para maligtas?” At sumagot sila: “Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka, pati ang iyong sambahayan.” At ipinangaral nila ang Salita ng Panginoon sa kanya at sa lahat ng nasa bahay nito.

Nang gabi ring iyon mismo'y ipinagsama sila ng bantay at hinugasan ang kanilang mga sugat. At agad nilang bininyagan siya pati ang buo niyang pamilya. (...)

Ebanghelyo: Juan 16:5-11

Ngayon nama'y papunta ako sa nagpadala sa akin, at wala sa inyong nagtatanong sa akin kung saan ako papunta, kundi tigib ng lungkot ang inyong puso dahil sinabi ko sa inyo ang lahat ng ito.

Ngunit sinasabi ko sa inyo ang katotohanan: makabubuti sa inyong ako'y umalis sapagkat kung hindi ako aalis. hinding-hindi darating sa inyo ang Tagapagtanggol. Kung aalis naman ako, ipadadala ko siya sa inyo. At pagdating niya, hihiyain niya ang mundo tungkol sa kasalanan, sa daan ng pagkamatuwid at sa paghatol.

Ito ang kasalanan: hindi sila nananalig sa akin. Ito ang daan ng pagkamatuwid: sa Ama ako papunta, at hindi na ninyo ako mapapansin. At hinatulan na ang pinuno ng mundong ito: ito ang paghatol.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Leoncito A. Falcasantos, Jr.

Pagmamasiid

Karaniwan, may dahilan ang pag-alis ng isang mahal natin sa buhay.

Pagbahawi

Paalam ni Jesus: “Ngayon pupunta ako sa nagsugo sa akin... Ang pag-alis ko, ikabubuti ninyo, sapagkat hindi paparito sa inyo ang Patnubay. kung hindi ako aalis...pag-alis ko, isusugo ko siya sa inyo.”

Pagtatabas

Ano ang matutunan natin sa habilin ni Jesus, bago Siya umakyat sa Langit?

Pagsasaayos

Sa pag-akyat ni Jesus sa Langit, ipinakita ang pagkakaisa ng Ama, Anak, at Espiritu Santo sa pagmamahal sa atin. Hindi Niya tayo iniwan—isinugo Niya ang Espiritu ng Katotohanan upang maging gabay sa kabutihan at pananampalataya.

Tularan natin si Jesus: kung darating ang panahon ng pag-alis, ihabilin natin ang ating mahal sa buhay sa Diyos at sa mga mapagkakatiwalaan. Manalig tayong patuloy silang aakayin ng Espiritu, kahit wala na tayong.

Pagdiriwang

Ama, napakabuti Niyo sa aming lahat. Umaapaw ang aming galak at pasasalamat sa Inyong walang tigil na pag-aaruga sa amin, kasama ang Panginoong Jesus at Banal na Espiritu.

Miyerkules MAYO 13



IKA-6 NA LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)
Mahal na Birhen ng Fatima

Salmo 148:1-2, 11-12, 13, 14
*Ang kadakilaan ng D'yos
sa lupa't langit ay lubos.*

Unang Pagbasa:

Mga Gawa 17:15, 22—18:1*

(...) Kaya tumayo si Pablo sa gitna ng bulwagan ng Areopago, at sinabi: "Mga taga-Atenas, nakikita kong napakarelihiyoso ninyo. Sapagkat sa paglalakad ko at pagmamasid sa inyong mga templo, may nakita rin akong altar na may nakasulat na ganito: Sa di nakikilalang diyos. At ngayon, ang sinasamba ninyong di nakikilala ang ipahahayag ko sa inyo.

Ang Diyos na may gawa ng daigdig at lahat ng naroroon, bilang Panginoon ng langit at lupa, ay hindi nananahan sa mga templong gawa ng tao. Hindi rin siya napaglilingkuran ng mga kamay ng tao, na para bang may kinakailangan pa siya, dahil siya mismo ang nagbibigay ng buhay at hininga sa lahat ng tao at sa lahat ng bagay.

Mula sa iisang dugo ginawa niya ang bawat bansang maninirahan sa balat ng lupa at itinakda ang kanya-kanyang panahon at lupaing sasaklawin. Ginusto rin niyang hanapin nila ang Diyos at matagpuan, kahit na sa pangangapa lamang. Ang totoo'y hindi siya malayo sa bawat isa sa atin; *sa kanya tayo nabubuhay at kumikilos at umiiral* gaya ng sinabi ng ilan sa inyong mga makata na: *Kalahi niya tayo.* (...)

Ngunit minamabuti ngayon ng Diyos na di pansinin ang mga panahon ng kulang na kaalaman at iniuutos niya sa lahat ng tao sa lahat ng dako na magbagong-loob. (...) At pinatunayan niya sa lahat ang lalaking ito nang buhayin niyang muli."

Pagkarinig nila ng tungkol sa muling pagkabuhay, pinagtawanan siya ng ilan at sinabi naman ng iba: "Pakikinggan ka naming muli tungkol dito." Kaya iniwan sila ni Pablo. Ngunit may mga sumama sa kanya at nanampalataya, isa na si Dionisio na kabilang sa Areopago at isang babaeng nagngangalang Damaris, at iba pa. (...)

Ebanghelyo: Juan 16:12-15

Marami pa sana akong sasabihin sa inyo pero hindi ninyo masasakyan ngayon. Ngunit pagdating niya, ang Espiritu ng katotohanan, ihahatid niya kayo sa buong katotohanan.

Hindi siya mangungusap mula sa ganang sarili kundi ang naririnig niya ang ipangukusap niya at ang mga bagay na darating ang ibabalita niya sa inyo. Mula sa akin siya tatanggap at magbabalita sa inyo, at sa gayon niya ako luluwalhatiin. Akin ang tanang sa Ama. Dahil dito kaya ko sinabing 'Mula sa akin siya tatanggap at magbabalita sa inyo.'

PARISH FIESTA: Diocesan Shrine and Parish of Our Lady of Fatima

DATE OF ESTABLISHMENT: 1980, Holy Spirit Parish

Pagmamasid

Sinu-sino ang gumagabay sa iyong buhay?

Paghahawi

Paliwanag ni Jesus sa Kanyang mga alagad: "Marami pa akong sasabihin sa inyo, ngunit hindi pa ninyo kayang unawain ngayon. Pagdating ng Espiritu ng katotohanan, tutulungan niya kayo, upang maunawaan ninyo ang buong katotohanan."

Pagtatabas

Paano ko malalaman ang pagkilos ng Espiritu Santo sa aking buhay?

Pagsasaayos

Maraming gumagabay sa atin, mga magulang, kapatid, kamag-anak, guro, at mabubuting kaibigan. Maging bukas din tayo sa paggabay at pagkalinga ng Espiritu ng Katotohanan, upang maunawaan ang buong katotohanan mula kay Jesus at sa Ama.

Gisingin ang natutulog nating diwa, at isabuhay ang mga biyayang kaloob ng Espiritu Santo: karunungan, pang-unawa, pagpapayo, katapangan, kaalaman, pagpapabanal, at banal na takot sa Diyos.

Pagdiriwang

Espiritu Santo, tulungan Niyo kaming matagumpayan ang mga pagsubok sa buhay. Bigyan Niyo ng liwanag at pang-unawa ang aming isip, puso, kaluluwa at espiritu. Gabayan Niyo kaming mamuhay, upang lumago sa kabutihan at kabanalan.

KAPISTAHAN NI APOSTOL SAN MATIAS

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Pula)

Salmo 113:1-2, 3-4, 5-6, 7-8

Hinirang ng D'yos ay dinangal sa piling ng mga banal.



Unang Pagbasa:

Mga Gawa 1:15-17, 20-26*

Nang panahong iyon, tumindig si Pedro at nagsalita sa mga kapatid – mga sandaa't dalawampu sila. Sinabi niya: (...)

Nasusulat sa Aklat ng mga Salmo: *Wasakin ang kanyang tirahan nang di na matirhan ninuman.* Ngunit sinasabi rin namang: *Ibigay sa iba ang kanyang tungkulin.* Kaya kailangang pumili tayo ng isang lalaki sa mga kasama natin sa buong panahong gumawa ang Panginoong Jesus sa piling natin, mula sa pagbibinyag ni Juan hanggang sa araw na iakyat siya. Isa sa kanila ang dapat maging saksing kasama natin sa kanyang Muling Pagkabuhay." Dalawa ang iminungkahi nila: si Jose na tinatawag na Barsabas na may palayaw na Justo, at si Matias. Nanalangin sila: "Panginoon, alam mo ang puso ng bawat isa. Ipakita mo sa amin kung sino sa dalawang ito ang iyong hinirang maging apostol na gaganap sa tungkuling tinalikuran ni Judas patungo sa dapat niyang kalagyan." At nagpalabunutan sila, at si Matias ang napili at isinama siya sa labing-isang apostol.

Ebanghelyo: Juan 15:9-17

Kung paano ako minamahal ng Ama, gayon ko rin kayo minahal. Mamalagi kayo sa pagmamahal ko. Kung isasakatuparan ninyo ang mga kautusan ko, mamamalagi kayo sa pagmamahal ko kung paanong isinakatuparan ko ang mga kautusan ng aking Ama at namamalagi sa kanyang pagmamahal.

Sinabi ko sa inyo ang mga ito upang mapasainyo ang aking kagalakan at maging ganap ang inyong kagalakan. Ito ang kautusan ko: magmahalan kayo kung paano ko kayo minahal. Wala nang pagmamahal na hihigit pa sa pag-aalay ng sariling buhay alang-alang sa kanyang mga kaibigan.

Mga kaibigan ko kayo kung ginagawa ninyo ang iniutos ko sa inyo. Hindi ko na kayo tinatawag na mga lingkod sapagkat hindi alam ng lingkod ang ginagawa ng kanyang panginoon.

Mga kaibigan naman ang turing ko sa inyo sapagkat ipinagbibigay-alam ko sa inyo lahat ng narinig ko mula sa aking Ama.

Hindi kayo ang humirang sa akin, ako ang humirang sa inyo at nagtalaga sa inyo para humayo at mamunga, at mamalagi ang inyong bunga. At ipagkakaloob sa inyo anumang hingin n'yo sa Ama sa pangalan ko.

Iniuutos ko nga sa inyo: magmahalan kayo.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Rico O. Lapinig, SCJ

Pagmamasisid

Bilang isang kaibigan, tinutupad ko ba ang utos ng kaibigan ko?

Paghahawi

Winika ni Jesus: "Ito ang aking utos: mag-ibigan kayo, gaya ng pag-ibig ko sa inyo. Walang pag-ibig na hihigit pa sa pag-ibig ng isang taong nag-aalay ng kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan. Kayo mga kaibigan ko, kung tinutupad ninyo ang mga utos ko."

Pagtatabas

Matuturing ba ako ni Jesus na kaibigan?

Pagsasaayos

Bilang kaibigan ni Jesus, tinutupad ko ang Kanyang utos na magmahal nang tulad ng pagmamahal Niya, buo, tapat, at handang magsakripisyo. Hindi madali, ngunit sa Kanyang grasya, kaya nating magmahal nang di makasarili, magpatawad sa nagkasala, at mahalín ang kaaway. Sa ganitong pamumuhay, tunay tayong kaibigan ng Diyos.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, gabayan Niyo kami lagi. Matularan nawa namin, kahit sa mumunting paraan, ang pagmamahal Niyo sa aming lahat.

Biyernes
MAYO 15



IKA-6 NA LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

San Isidro Labrador

Salmo 47:2-3, 4-5, 6-7

*Hari ng sangkalupaan
D'yos na makapangyarihan.*

Unang Pagbasa: Mga Gawa 18:9-18

Isang gabi, sinabi ng Panginoon kay Pablo sa isang pangitain: "Huwag kang matakot. Patuloy kang mangaral, at huwag tumahimik sapagkat sumasaiyo ako, at hindi ka sasaktan ninuman. Mayroon akong isang malaking sambayanan sa lunsod na ito. Kaya nanatili roon si Pablo nang isang taon at anim na buwan, at ipinangaral ang Salita ng Diyos.

Ngunit nang maging gobernador ng Acaya si Galion, nagkaisa ang mga Judio laban kay Pablo. Dinakip siya ng mga ito at iniharap sa hukuman, at pinaratangan: "Hinihiyakat ng lalaking ito ang mga tao para sambahin ang Diyos nang labag sa Batas."

Magsasalita pa lamang si Pablo nang sabihin ni Galion sa mga Judio: "Makikialam ako kung may kinalaman ito sa pagkakasala o krimen. Pero mga pagtatalo lamang ito tungkol sa salita at mga pangalan batay sa inyong Batas, kaya bahala kayo. Hindi ako hukom para sa mga bagay na ito." At pinalabas niya sila sa hukuman.

Kayat sinunggaban ng mga ito si Sostenes na tagapamahala ng sinagoga, at ginulpi sa harap ng hukuman. Ngunit hindi iyon pinansin ni Galion.

Tumigil pa nang ilang araw si Pablo sa Corinto, bago iniwan ang mga kapatid, at naglayag pa-Siria, kasama sina Akila at Priscila. Pagdating sa siyudad ng Senkreas, nagpagupit siya (mahaba na ang buhok niya dahil sa panatang ginawa niya).

Ebanghelyo: Juan 16:20-23

Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, iiyak kayo at tataghoy, at magagalak naman ang mundo. Maninimdim kayo ngunit magiging kagalakan ang inyong paninimdim. Naninimdim ang babaeng malapit nang manganak sapagkat sumapit na ang kanyang oras. Ngunit pagkasilang sa sanggol, dahil sa galak ay hindi na niya naaalaala ang kagipitan: isang tao ang isinilang sa mundo.

Gayon nga rin kayo naninimdim ngayon. Ngunit muli ko kayong makikita at magagalak ang inyong puso, at walang makaaagaw ng inyong kagalakan sa inyo. At sa araw na iyon, wala na kayong itatanong sa akin sapagkat talagang-talagang sinasabi ko sa inyo na ipagkakaloob sa inyo anumang hingin ninyo sa Ama sa Ngalan ko.

DATE OF ESTABLISHMENT: 1997, Mother of the Redeemer Parish

PARISH FIESTA:

San Isidro Labrador Parish, Bagong Silangan | San Isidro Labrador Parish, Tandang Sora

Pagmamasiid

May galak sa paghihirap ng isang ina sa kapanganakan ng kanyang sanggol, gayundin ang magulang na naghirap at nagagalak sa pagtatapos ng pag-aaral ng kanyang anak.

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad: "tatangis kayo at magdadalamhati, ngunit magagalak ang sanlibutan. Matitigib kayo ng kalungkutan, subalit magiging kagalakan ito"

Pagtatabas

Nararanasan ko ba ang galak na dulot ng muling pagkabuhay ni Jesus pagkatapos ng dalamhati sa pagpapakasakit at pagkamatay Niya sa Krus?

Pagsasaayos

Kaligtasan ng sanlibutan sa kasalanan at pagkabuhay muli ni Jesus ang mga galak na dulot ng pagkamatay ni Jesus sa Krus. Tuwing nakatingin ako kay Jesus na nakapako sa Krus, galak ang umiiral sa aking puso, dahil natatanto ko ang napakalaking pagmamahal Niya sa ating lahat.

Binibigyan din ako ng lakas na mapagtagumpayan ang anumang paghihirap ko, dahil maliit ang kalagayan ko, kumpara sa pagpapakasakit ni Jesus sa Krus para sa sanlibutan.

Pagdiriwang

Ama, napakalaki rin ng pagmamahal Niyo sa amin, dahil isinugo Niyo sa Jesus, upang ang kamatayan Niya sa Krus, magdulot ng kaligtasan at galak sa Kanyang matinding pagpapakasakit para sa aming lahat.

IKA-6 NA LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

Salmo 47:2-3, 8-9, 10

Hari ng sangkalupaan

D'yos na Makapangyarihan.



Sabado
16 MAYO

Unang Pagbasa: Mga Gawa 18:23-28

Matagal-tagal din siya roon, bago siya muling naglakbay sa iba't ibang lugar hanggang sa rehiyon ng Galasya at Frigia para patagin ang mga alagad.

May dumating naman sa Efeso na isang Judio, si Apollo na taga-Alejandria. Mahusay siyang magsalita at malawak ang kaalaman sa Banal na Kasulatan. May alam din siya sa Daan ng Panginoon, at dahil sa maalab na espiritung sumasakanya, nakapangangaral siya nang tama tungkol kay Jesus gayong ang pagbibinyag lamang ni Juan ang alam niya. Buong-tapang siyang nagsasalita sa sinagoga nang marinig siya nina Akila at Priscila, kaya isinama siya ng mga ito, at mas malinaw na ipinaliwanag sa kanya ang Daan ng Diyos.

Nang balakin niyang makatawid sa Acaya, pinalakas ng mga kapatid ang loob niya, at sinulatan ang mga alagad na tanggapin siya. Pagdating doon ni Apollo, malaking tulong siya sa mga naging mananampalataya dahil sa awa ng Diyos. Sapagkat mabisa niyang pinabulaanan ang sinasabi ng mga Judio sa publiko, at pinatunayan niya sa pamamagitan ng Kasulatan na si Jesus ang Kristo.

Ebanghelyo: Juan 16:23b-28

At sa araw na iyon, wala na kayong itatanong sa akin sapagkat talagang-talagang sinasabi ko sa inyo na ipagkakaloob sa inyo anumang hingin ninyo sa Ama sa Ngalan ko. Hanggang ngayo'y wala pa kayong hiningi sa Ngalan ko. Humingi kayo at tatanggap kayo upang maganap ang inyong kagalakan.

Sa mga paghahambing ko ipinangungusap sa inyo ang mga ito. Ngunit may oras na sasapit na hindi sa paghahambing ako mangungusap sa inyo kundi lantaran ko nang ihahayag sa inyo ang tungkol sa Ama.

Sa araw na 'yon, sa ngalan ko kayo hihingi; hindi ko sinasabi sa inyo na makikiusap ako sa Ama alang-alang sa inyo pagkat iniibig kayo mismo ng Ama dahil iniibig n'yo ako at pinaniniwalaang sa Diyos ako galing. Galing ako sa Ama at dumating sa mundo. Muli kong iniwan ang mundo at papunta sa Ama.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Roland P. Jaluag

Pagmamasiid

Anu-ano ang nais mong matanggap, upang lubos ang iyong kagalakan?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus, tandaan ninyo: "anumang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan, ibibigay niya sa inyo... Humingi kayo, at tatanggap kayo upang malubos ang inyong kagalakan." Dagdag Niya na kahit hindi Siya dumalangin sa Ama, ibibigay sa atin ng Ama, dahil iniibig Niya tayo, at naniwala tayo na nagmula si Jesus sa Diyos.

Pagtatabas

Sa iyong karanasan, totoo ba na anumang hingin mo sa Ama sa pangalan ni Jesus, naibigay sa iyo?

Pagsasaayos

Napakaganda ng sinabi ni Jesus, na ipagkakaloob ng Ama anuman ang hingin natin sa pangalan Niya. Inaasahan dito na mabuti, hindi kasamaan, ang hiling natin sa pangalan ni Jesus. Nais din ng Ama na magsisisi tayo sa ating mga kasalanan, himingi ng kapatawaran, at magsikap na talikuran ang kasamaan.

Nais ni Jesus na sundin natin ang kalooban ng Diyos, tulad nang lagi Niyang ginawa. Maraming biyaya ang ipagkakaloob ng Diyos sa may kababang-loob, taos-pusong pasasalamat, at kabutihan ng pag-uugali.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, lubos akong nagtitiwala na ipagkakaloob ng Ama ang aming kahilingan sa Inyong pangalan. Nawa, lahat ng mga ito, naayon sa Kalooban Ninyo.

Salteryo: Hanay ng mga Panahon / (Puti)

*Habang umaakyat ang Diyos,
ang tambuli'y tumutunog.*

Nang minsang magkakasama sila, itina-nong nila sa kanya: "Panginoon, sa oras na ito mo ba itatayong muli ang Kaharian ng Israel?" Sumagot siya: "Hindi para sa inyo ang malaman ang mga panahon o araw na itinakda ng Ama sa sarili niyang kapangyarihan. Ngunit palalakasin kayo sa pagdating sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo ang magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea, pati sa Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig."

Nakatitig pa sila sa langit nang may tumayong dalawang lalaking nakaputi sa tabinila at nagsabi: "Mga taga-Galilea, bakit kayo nakatingala sa langit? Itong Jesus na kinuha sa inyo at iniakyat sa langit ay babalik din sa inyo, kung paano ninyo siya nakitang pumunta sa langit."

Ganoon nga ang lakas ng kanyang kapangyarihan, na muling bumuhay kay Kristo at nagluklok sa kanyang kanan sa langit, sa ibabaw ng lahat ng Pamunuan,

Kapangyarihan, Lakas, Kapanginoonan at ng anumang may-pangalan at kinikilala hindi lamang sa mundong ito kundi pati na sa darating: ipinailalim ng Diyos ang lahat sa kanyang paanan.

At inilagay naman siya sa itaas ng lahat bilang ulo ng Iglesya. Ang Iglesya nga ang katawan niya, at sa Iglesya natatagpuan ang kabuuan niya na siyang lubusang pumupuno sa lahat.

Ebanghelyo: Mateo 28:16-20

Pumunta naman sa Galilea ang Labing-isang alagad, sa bundok na itinakda ni Jesus. Pagkakita nila sa kanya, sumamba sila, ngunit may nag-aalinlangan pa.

At nilapitan sila ni Jesus at sinabi: “Ibinigay sa akin ang buong kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya humayo kayo at gawing mga alagad ang lahat ng bansa. Binyagan sila sa Ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuan sila na sundin ang lahat ng iniutos ko sa inyo. Kasama ninyo ako sa lahat ng araw hanggang sa wakas ng panahon.”



“Kasama ninyo ako sa lahat ng araw hanggang sa wakas ng panahon.”

Pagmamaisid

Bago ka maging kasapi ng isang grupo o samahan, may ritwal o panunumpa ba na naganap? Paano mo ipinapakita ang pagiging bahagi ng samahang iyon?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: “Humayo kayo, at gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa. Binyagan ninyo sila, sa ngalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo, at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-utos ko sa inyo.”

Pagtatabas

Ano ang mga biyaya at tungkulin ng isang binyagang Katoliko?

Pagsasaayos

Sa binyag, naging kasapi tayo ng Simbahan at tagapagdala ng misyon ni Kristo. Tinanggap natin ang Banal na Santatlo sa ating buhay, at ang tungkuling maging pari, propeta, at lingkod-hari sa mundo. Tungkulin nating ipahayag ang Mabuting Balita sa salita at gawa, at mamuhay bilang tunay na alagad ni Jesus.

Pagdiriwang

Panginoon, salamat sa biyaya ng binyag. Gawin Mo kaming tapat na alagad, handa sa misyon, masigasig sa paglilingkod, at matatag sa pananampalataya. Sa ngalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo, isugo Mo kami sa mundo. Amen.

Lunes
MAYO 18



**IKA-7 LINGGO NG
PASKO NG PAGKABUHAY**
Salteryo: Linggo 3 / (Puti/Pula)
San Juan I

Salmo 68:2-3ab, 4-5akd, 6-7ab
*Tanang mga kaharian,
ang Poong D'yos ay awitan.*

Unang Pagbasa: Mga Gawa 19:1-8

Nang nasa Corinto si Apollo, nagdaan naman si Pablo sa mataas na bahagi ng lupain hanggang makarating sa Efeso at natagpuan niya roon ang ilang alagad. Sinabi niya sa mga ito: "Tinanggap ba ninyo ang Espiritu Santo nang kayo'y sumampalataya?" At sumagot sila: "Hindi! Hindi pa namin naririnig kailanman na may natatanggap palang Espiritu Santo."

At itinanong niya: "Kung gayo'y anong klase ng binyag ang inyong tinanggap?" Sumagot sila: "Ang binyag ni Juan." At sinabi ni Pablo: "Binyag ng pagsisisi lamang ang binyag ni Juan. Sinabihan din niya ang bayan na sumampalataya sa taong darating na kasunod niya, at ito si Jesus." Nakinig sila at nagpabinyag sa Ngalan ng Panginoong Jesus. At nang ipatong sa kanila ni Pablo ang kanyang mga kamay, sumakanila ang Espiritu Santo; nagsalita sila sa ibang mga wika, at nagpropesiya. Mga labindalawang lalaki sila.

Pumasok siya sa sinagoga at tatlong buwan siyang buong-tapang na nakipag-paliwanagan at kumumbinsi tungkol sa Kaharian ng Diyos.

Ebanghelyo: Juan 16:29-33

Kaya sinabi ng kanyang mga alagad: "Hayan, lantaran ka na ngayong nangu-ngusap, at hindi na sa paghahambing nagsasalita. Alam na namin ngayon na alam mo ang lahat at hindi mo kailangang may magtanong pa sa iyo. Dahil dito kaya nani-niwala kaming sa Diyos ka galing."

Sumagot sa kanila si Jesus: "Naniniwala ba kayo ngayon? Narito't may oras na sumasapit at sumapit na upang mangalat kayo – bawat isa sa sariling kanya – at iiwan n'yo akong nag-iisa. Ngunit hindi ako nag-iisa sapagkat kasama ko ang Ama.

Sinabi ko sa inyo ang lahat ng ito upang sa akin kayo magkaroon ng kapayapaan. Kagipitan ang meron kayo sa mundo pero lakasan n'yo ang loob, napagtagumpayan ko ang mundo."

SACERDOTAL ANNIVERSARY:

Rev. Fr. Victor Emmanuel I. Clemen | Rev. Fr. Antonio D. Dela Cruz

Pagmamasiid

Kung maiiwan kang mag-isa ng iyong mahal sa buhay, upang magtrabaho sa ibang bansa, malulungkot ka ba?

Paghahawi

Sagot ni Jesus sa mga alagad: "Naniniwala ba kayo ngayon? Narito't may oras na sumasapit, at sumapit na upang mangalat kayo – bawat isa sa sariling kanya – at iiwan n'yo akong nag-iisa. Ngunit hindi ako nag-iisa sapagkat kasama ko ang Ama."

Pagtatabas

Nararamdaman ko rin ba ang katiyakan ni Jesus na hindi Siya nag-iisa?

Pagsasaayos

Alam ni Jesus na iiwan Siya ng mga alagad sa oras ng Kanyang pagdurusa. Ngunit hindi Siya natakot, sapagkat kasama Niya ang Ama. Tayo rin, sa gitna ng pangungulila o pag-iisa, ay hindi kailanman nag-iisa. Ang presensya ng Diyos ay sapat upang magbigay ng galak, lakas, at kapayapaan sa ating puso.

Pagdiriwang

Jesus, aming Kapatid, nananalig kaming kasama Kayo lagi sa aming paglalakbay sa lupa pabalik sa Ama sa Langit.

IKA-7 LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 3 / (Puti)

Salmo 68:10-11, 20-21

*Tanang mga kaharian,
ang Poong D'yos ay awitan.*



Martes
19 MAYO

Unang Pagbasa: Mga Gawa 20:17-27

Ebanghelyo: Juan 17:1-11a

Pagkasabi ni Jesus ng mga ito, tumingala siya sa langit at nagsabi: "Ama, sumapit na ang oras. Luwalhatiin mo ang iyong Anak upang maluwalhati ka ng Anak dahil ibinigay mo sa kanya ang kapangyarihan sa bawat tao upang bigyan niya ng buhay magpakailanman ang lahat ng bigay mo sa kanya. Ito naman ang buhay magpakailanman: ang makilala ka, ang tanging totoong Diyos at si Jesucristong sinugo mo.

Niluwalhati kita sa lupa, ginanap ko ang gawang bigay mo sa akin para trabahuhin. At ngayon, luwalhatiin mo ako, Ama, at ibigay sa aking katabi ang luwalhating meron ako sa tabi mo bago pa man nagkaroon ng mundo.

Ipinahayag ko ang pangalan mo sa mga taong kinuha mo sa mundo at ibinigay sa akin. Iyo sila at sa akin mo sila ibinigay, at tinupad nila ang iyong salita. Ngayon, nakilala na nila na sa iyo galing ang lahat ng ibinigay mo sa akin. Totoo, ibinigay ko sa kanila ang mga pananalitang ibinigay mo sa akin, at tinanggap nila at kinilalang totoong sa iyo ako galing at naniwala sila na ikaw ang nagsugo sa akin.

Sila ang ipinapakiusap ko. Hindi ang mundo ang ipinapakiusap ko kundi ang mga ibinigay mo sa akin dahil iyo sila. Iyo ang lahat sa akin, at akin naman ang iyo, at naluwalhati ako sa kanila. Wala na ako sa mundo ngunit nasa mundo pa sila habang papunta ako sa iyo. Amang banal, ingatan mo sila sa iyong Pangalang ibinigay mo sa akin upang maging isa sila gaya natin.

PARISH FIESTA:

Holy Spirit Parish, Pangarap | Holy Spirit Parish, BF | Mary, Mother of the Church Parish

Pagmamasisid

Gaano ang pagkakaisa ng grupo o samahan mo?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa Ama: "Ipinahayag ko ang pangalan mo sa mga taong kinuha mo sa mundo, at ibinigay sa akin. Iyo sila at sa akin mo sila ibinigay, at tinupad nila ang iyong salita. Ngayon, nakilala na nila na sa iyo galing ang lahat ng ibinigay mo sa akin...Amang banal, ingatan mo sila sa iyong Pangalang ibinigay mo sa akin upang maging isa sila gaya natin."

Pagtatabas

Nakikilala rin ba natin na galing sa Ama ang lahat ng ibinigay ni Jesus sa atin? Nagkakaisa ba tayong naglilingkod sa Diyos, tulad nang pagkakaisa ng Ama at Jesus?

Pagsasaayos

Alam ni Jesus na ang mga taong sumunod at nakinig sa Kanya bigay ng Ama. Mapagkumbabang sinabi Niya na lahat ng itinuro at mabuting gawa Niya galing din sa Ama. Nais at dalangin ni Jesus na magkaisa tayong lahat, tulad ng pagkakaisa nila ng Ama. Sikapin nating iwasan ang away, at pag-iralin ang pagmamahal at awa sa kapwa.

Pagdiriwang

Jesus, tulungan Niyo kaming tagasunod Niyo, na maalala at matularan ang laging pagkakaisa Niyo at ng Ama.

Miyerkules MAYO 20



IKA-7 LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 3 / (Puti)

San Bernardino ng Siena

Salmo 68:29-30, 33-35a, 35bk-36ab

*Tanang mga kaharian,
ang Poong D'yos ay awitan.*

Unang Pagbasa: Acts 20:28-38

Ebanghelyo: Juan 17:11b-19

A mang banal, ingatan mo sila sa iyong Pangalang ibinigay mo sa akin upang maging isa sila gaya natin. Nang kasama nila ako, iningatan ko sila sa iyong Pangalang ibinigay mo sa akin, at pinangalagaan ko sila at wala sa kanilang napahamak liban sa nagpahamak sa kanyang sarili upang maganap ang kasulatan. At ngayon, papunta ako sa iyo at sinasabi ko ang mga ito habang nasa mundo upang maganap sa kanila ang aking kagalakan.

Ibinigay ko sa kanila ang salita mo at napoot sa kanila ang mundo sapagkat hindi sila mula sa mundo gaya nang hindi ako mula sa mundo. Hindi ko ipinapakiusap na alisin mo sila sa mundo kundi pangalagaan mo sila sa masama.

Hindi sila mula sa mundo gaya nang hindi ako mula sa mundo. Pabanalin mo sila sa katotohanan. Katotohanan ang salita mo. Kagaya nang ako'y sinugo mo sa mundo, sinugo ko rin sila sa mundo. At alang-alang sa kanila'y pinababanal ko ang aking salita upang pati sila'y pabanalin sa katotohanan.

Pagmamasisid

Sino-sino ang tunay na nagmamahal sa iyo? Paano nila ipinapakita ang pagmamahal, sa salita, sa gawa, sa presensya, o sa sakripisyo? Sa pagmamahal nila, nararamdaman mo ba ang pagkalinga ng Diyos?

Paghahawi

Wika ni Jesus sa Amang banal: "Nang kasama nila ako, iningatan ko sila sa iyong Pangalang ibinigay mo sa akin, pinangalagaan ko sila, at wala sa kanilang napahamak, liban sa nagpahamak sa kanyang sarili...Pabanalin mo sila sa katotohanan. Katotohanan ang salita mo.. alang-alang sa kanila pinababanal ko ang aking salita upang pati sila, pabanalin sa katotohanan."

Pagtatabas

Naramdaman ko ba ang pag-aalaga ni Jesus sa akin at sa pagbanal Niya sa akin sa pamamagitan ng katotohanan ng Kanyang mga salita?

Pagsasaayos

Ipinagkatiwala ng Ama kay Jesus ang mga taong sumunod sa Kanya. Mapagkumbaba si Jesus, alam Niyang galing sa Ama ang lahat ng Kanyang itinuro at ginawa. Hangad Niya ang pagkakaisa ng mga alagad, tulad ng pagkakaisa Niya sa Ama. Tinatawag rin tayo na maging isa sa pag-ibig, awa, at pananampalataya. Iwasan natin ang alitan, at pairalin ang pagkakaisa sa Simbahan at komunidad.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, salamat sa patuloy Niyong pagmamahal sa amin. Turuan Niyo kaming masunod ang Kalooban ng Ama at mabuhay sa Inyong salita at katotohanan.

IKA-7 LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 3 / (Puti/Pula)

San Kristofero Magallanes at mga kasama

Salmo 16:1-2a at 5, 7-8, 9-10, 11

*D'yos ko, ang aking dalangi'y
ako'y iyong tangkilikin.*



Hawebes
21 MAYO

Unang Pagbasa:

Mga Gawa 22:30; 23:6-11

Ebanghelyo: Juan 17:20-26

Hindi lamang sila ang ipinapakiusap ko kundi pati ang mga nananalig sa akin sa pamamagitan ng kanilang salita. Maging iisa sana ang lahat kung paanong nasa akin ka, Ama, at ako'y nasa 'yo. Mapasaatin din sana sila upang maniwala ang mundo na ikaw ang nagsugo sa akin. Ibinigay ko naman sa kanila ang luwalhating ibinigay mo sa akin upang maging isa sila gaya nang tayo'y iisa: ako sa kanila at ikaw sa akin. Kaya magaganap sila sa kaisahan, at makikilala ng mundo na ikaw ang nagsugo sa akin, at minahal ko sila kung paanong minahal mo ako. Ama, sila ang ibinigay mo sa akin kaya niloloob kong kung nasaan ako'y makasama ko rin sila at mapansin nila ang bigay mo sa aking kaluwalhatian ko sapagkat minahal mo ako bago pa man nagkaroon ng mundo.

Makatarungang Ama, hindi ka kilala ng mundo: kilala naman kita at kilala rin ng mga ito na ikaw ang nagsugo sa akin. Ipinagbigay-alam ko sa kanila ang Ngalan mo at ipinagbibigay-alam pa upang mapasakanila ang pagmamahal mo sa akin at ako ri'y mapasakanila."

Pagmamasid

Ano ang pakiramdam ng alam mong may tunay na nagmamahal sa iyo?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa Ama: "Ibinigay ko naman sa kanila ang luwalhating ibinigay mo sa akin, upang maging isa sila gaya ng iisa tayo: ako sa kanila at ikaw sa akin. Kaya magaganap sila sa kaisahan at makikilala ng mundo na ikaw ang nagsugo sa akin, at minahal ko sila kung paanong minahal mo ako."

Pagtatabas

Kung kaisa tayo ni Jesus, at nagkakaisa sa paniniwalang iisa si Jesus at ang Ama, makamtan natin ang kaluwalhatian ng walang hanggan.

Pagsasaayos

Hangad ni Jesus na magkaisa tayo, at maranasan nating ang kaluwalhatian ibinigay sa kanya ng Ama. Kung tayo kaisa ni Jesus, maipapalaganap natin na si Jesus at ang Ama, iisa. at kung paanong minahal ng Ama si Jesus, gayun din naman mamahalin tayo ng Ama.

Pagdiriwang

Ama, maraming salamat sa Inyong dakilang kaloob sa amin, ang Inyong anak na si Jesus. Nawa makamtan din namin ang pagmamahal katulad ng Inyong pamamahal sa Kanya at maranasan ang kaluwalhatian ng walang hanggan.



Unang Pagbasa: Mga Gawa 25:13b-21

Ebanghelyo: Juan 21:15-19

Pagkapag-almusal nila, sinabi ni Jesus kay Simon Pedro: "Simon, anak ni Juan, mahal mo ba ako nang higit sa pagmamahal nila?" Sinabi nito sa kanya: "Oo, Panginoon, ikaw ang nakaaalam na iniibig kita." Sinabi sa kanya: "Pakanin mo ang aking mga kordero." Sinabi sa kanyang makalawa: "Simon, anak ni Juan, mahal mo ba ako?" Sinabi nito sa kanya: "Oo, Panginoon, ikaw ang nakaaalam na iniibig kita." Sinabi sa kanya: "Ipastol ang aking mga tupa." Sinabi sa kanyang makaitlo: "Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba ako?"

Nalungkot na si Pedro dahil makaitlo siyang sinabihan: "Iniibig mo ba ako?" kaya sinabi niya: "Panginoon, ikaw ang nakaaalam ng lahat; alam mong iniibig kita." Sinabi nito sa kanya: "Pakanin mo ang aking mga tupa.

Talagang-talagang sinasabi ko sa iyo, nang bata-bata ka pa, ikaw mismo ang nagbibigkis sa iyong sarili at palakad-lakad ka saan mo man naisin. Ngunit pagtanda mo'y ididipa mo naman ang mga kamay mo, at iba ang magbibigkis sa iyo sa hindi mo nais." Sinabi ito ni Jesus sa pagbibigay-tanda sa paraan ng kamatayang ipanluluwalhati ni Pedro sa Diyos. At pagkatapos nito ay sinabi niya: "Sumunod ka sa akin!"

Pagmamasid

Ang pagsunod ba sa bilin ng magulang, tanda ng pagmamahal sa kanya?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus kay Simon Pedro: "Simon, anak ni Juan, mahal mo ba ako nang higit sa pagmamahal nila? Sinabi nito sa kanya, "Oo, Panginoon, ikaw ang nakakaalam na iniibig kita."

Pagtatabas

Kung tatanungin ako ni Jesus kung iniibig ko Siya, ano ang sagot ko? Paano ko maipadarama sa Kanya na tunay ko Siyang minamahal?

Pagsasaayos

Madaling sabihin na iniibig natin ang Panginoong Jesus. Subalit, kadalasan hanggang salita lamang tayo. Masusuklian natin ang pagmamahal Niya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kalooban ng Ama at pagsunod sa mga bilin Niya kay Simon Pedro.

Ang magmamahal sa kapwa, magpakain sa nagugutom, magkalinga sa maysakit, at magbigay galang sa magulang at nakatatanda ang ilan sa maaring gawin.

Pagdiriwang

Panginoon Jesus, gabayan Niyo kami na maisabuhay ang Inyong mga aral at maipadama ang pagmamahal sa Inyo, hindi lang sa salita, higit sa lahat, sa gawa.

IKA-7 LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 3 / (Puti)

Salmo 11:4, 5 at 7

Poon, ang mga mabuti
ay kapiling mo parati.



Sabado
23 MAYO

Unang Pagbasa:

Mga Gawa 28:16-20, 30-31

Pagdating namin sa Roma, pinayagan si Pablo na bumukod ng tirahan, kasama ang sundalong bantay niya. Makalipas ang tatlong araw, ipinatawag ni Pablo ang mga pinuno ng mga Judio, at nang nagkakatiapon na ang mga iyon, sinabi niya: "Mga kapatid, kahit wala akong ginawa laban sa ating bayan o sa kaugalian ng ating mga ninuno, dinakip ako sa Jerusalem at ibinigay sa mga Romano. Palalayain na sana nila ako pagkasiyasat nila sa akin dahil wala silang nakitang dahilan para parusahan ako ng kamatayan. Ngunit nang tumutol ang mga Judio, napilitan akong maghabol sa Cesar, kahit na wala naman akong ihaharap na paratang laban sa aking bayan. Dahil dito kaya ko hininging makita kayo at makausap: nakatanikala nga ako dahil sa pag-asa ng Israel." At nanirahan si Pablo sa Roma nang dalawang buong taon sa bahay na kanyang inuupahan, at tinatanggap naman niya ang sinumang gustong makipagkita sa kanya. Ipinangaral niya ang Kaharian ng Diyos at buong katatagan itinuro ang tungkol sa Panginoong Jesucristo. At walang humadlang sa kanya.

Ebanghelyo: Juan 21:20-25

Paglingon ni Pedro, nakita niyang sumunod ang alagad na mahal ni Jesus, na siyang humilig sa tabi niya noong hapunan at nagsabing: "Panginoon, sino ba ang magkakanulo sa iyo?" Kaya pagkakita rito ni Pedro, sinabi niya kay Jesus: "Panginoon, ano naman sa kanya?" Sinabi sa kanya ni Jesus: "Kung loobin kong mamalagi siya hanggang ako'y pumarito, ano sa 'yo? Ikaw, sumunod ka sa akin!"

Dahil dito'y kumalat ang salitang ito sa mga kapatid na hindi mamamatay ang alagad na ito pero hindi naman sinasabi sa kanya ni Jesus na hindi siya mamamatay kundi "Kung loobin kong mamalagi siya hanggang ako'y pumarito."

Ito ang alagad na siyang nagpapatunay tungkol sa mga bagay na ito at ang sumulat sa mga ito. At alam namin na totoo ang kanyang patunay. Marami pa ring ibang ginawa si Jesus, na kung isa-isang masusulat ang mga iyon, sa tantiya ko'y hindi magkakasya sa mundo ang isusulat na mga aklat.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Albert N. Delvo

Pagmamasiid

Maliwanag ba sa akin ang mga hangarin ko sa buhay?

Paghahawi

Pagkakita ni Pedro sa alagad na mahal ni Jesus, sinabi niya kay Jesus: "Panginoon, ano naman sa kanya?" Sinabi sa kanya ni Jesus: "Kung loobin kong mamalagi siya hanggang pumarito ako, ano sa iyo?" Pinayuhan Niya na sumunod ito sa Kanya.

Pagtatabas

Alam ko ba kung ano ang nais ni Jesus sa buhay ko? Sumusunod ba ako rito?


Pagsasaayos

Tulad ni Pedro, madalas tayong tumitingin sa buhay ng iba: nagtatanong, naghahambing, o nakikialam. Ngunit malinaw ang paalala ni Jesus: "Sumunod ka sa akin." Nagsisimula sa pagtuon sa sariling landas ng pananampalataya ang tunay na pagsunod kay Kristo. Sa halip na ituon ang pansin sa takbo ng buhay ng iba, ituon natin ang puso sa kalooban ng Diyos para sa atin—mamuhay nang may pag-ibig, pagpapatawad, at katapatan.

May natatanging misyon ang bawat isa. Ang mahalaga, tapat tayong sumusunod, kahit hindi natin alam ang buong plano.

Pagdiriwang

Panginoon Jesus, turuan Niyo kaming mamuhay nang naayon sa Kalooban ng Ama, at tularan Kayo kung paanong magmahal ng tunay at maging mapagpatawad.



Tingnan ninyo: iisa ang katawan at marami ang sangkap nito. At iisang katawan lang ang mga sangkap kahit na marami ang mga ito.


Gayon din si Kristo. Sa iisang Espiritu, bininyagan tayong lahat – Judio man o Griyego, alipin man o malaya – upang buuin ng lahat ang isang katawan. At sa iisang Espiritu tayong lahat umiinom.

Ebanghelyo: Juan 20:19-23

Agaw-dilim na noon sa unang araw na Aiyon ng sanlinggo at nakasara ang mga pinto sa kinaroroonan ng mga alagad dahil sa takot sa mga Judio, dumating si Jesus at pumagitna. At sinabi niya sa kanila: “Kapayapaan sa inyo!”

Pagkasabi nito, ipinakita niya sa kanila ang mga kamay at ang tagiliran. Kaya nagalak ang mga alagad pagkakita nila sa Panginoon.

At muli niyang sinabi sa kanila: “Kapayapaan sa inyo! Kung paanong isinugo ako ng Ama, ipinadadala ko rin kayo.” At pagkasabi nito, hiningahan niya sila at sinabi: “Tanggapin ang Espiritu Santo! Patatawarin ang mga kasalanan ninuman na inyong patawarin; at pananatiliin naman sa sinuman ang inyong panatiliin.”



“Kapayapaan sa inyo!
Kung paanong isinugo ako ng
Ama, ipinadadala ko rin kayo.”

Pagmamasid

Mayroon ka bang mga takot at pangamba sa buhay?

Paghahawi

Nakasara ang mga pinto sa kinaroroonan ng mga alagad dahil sa takot sa mga Judio. Dumating si Jesus at pumagitna. Sinabi Niya sa kanila: “Kapayapaan sa inyo!”

Pagtatabas

Nasumpungan mo na ba ang kapayapaan kay Jesu-Kristo? Ano ang naramdaman mo?

Pagsasaayos

Sa ating pakikibaka sa buhay, may pagkakataong nababalot tayo ng takot at pangamba. Alalahanin lagi natin na kay Jesus tayo makakaranas nang tunay na kapayapaang hindi kayang ibigay ng mundo. Sinasabi Niya rin sa atin na sumaatin ang kapayapaan. Magalak tayong lahat na naniniwala at nagtitiwala sa Kanya.

Pagdiriwang

Panginoon Jesus, basbasan Niyo kami ng Inyong kapayapaan sa pagkakataong nasasadlak kami sa takot at pangamba. Ipadala Niyo sa amin ang Espiritu Santo, upang ipagsanggalang kami sa masama. Amen.

Lunes
MAYO
25



**IKA-8 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHOON**
Maria Ina ng Iglesiya
Salteryo: Linggo 4 / (Puti)
*San Beda / San Gregorio VII /
Santa Maria Magdalena ng Pazzi*

Salmo 87, 1-2, 3, at 5, 6-7
*Dinggin ang ulat sa inyong mabuting bagay,
O lungsod ng Diyos.*

Unang Pagbasa: Genesis 3:9-15

Ebanghelyo: Juan 19:25-34

Nangakatayo naman sa tabi ng krus ni Jesus ang kanyang ina at ang kapatid na babae ng kanyang ina, si Maria ni Cleofas at si Maria Magdalena. Kaya pagkakita ni Jesus sa Ina at sa alagad na mahal niya na nakatayo sa tabi, sinabi niya sa Ina: “Babae, hayan ang anak mo!” pagkatapos ay sinabi naman niya sa alagad: “Hayan ang iyong ina.” At mula sa oras na iyon, tinanggap siya ng alagad sa kanyang tahanan.

Pagkaraan nito, alam ni Jesus na ngayo’y natupad na ang lahat. Ngunit kailangang maganap ang kasulatan, at sinabi niya: “Nauuhaw ako!” May sisidlan doon na puno na maasim na alak. Kaya ikinabit nila sa isopo ang isang espongahang ibinabad sa alak at idiniit sa kanyang bibig. Pagkasipsip ni Jesus ng alak, sinabi niya: “Natupad na!” At pagkayuko ng ulo’y ibinigay ang espiritu.

Dahil pagjihakanda noon, ayaw ng mga Judio na mamalagi sa Krus ang mga katawan sa Araw ng Pahinga sapagkat dakilang araw ang Araw na iyon ng Pahinga. At ipinakausap nila kay Pilato na baliin ang mga binti ng mga nasa Krus at saka alisin.

Kaya pumaroon ang mga sundalo. Binali nila ang mga binti ng una at ng isa pang kasama nioyang ipinako sa Krus. Ngunit pagsapit nila kay Jesus, nakita nilang patay na siya kaya hindi nila binali ang kanyang mga binti. Gayunma’y sinibat ng isa sa mga sundalo ang kanyang tagiliran, at biglang may umagos na dugo at tubig. Ang nakakita ang nagpapatunay, at totoo ang kanyang patunay. At Siya ang nakaalam na totoo ang sinasabi niya para maniwala kayo.

Pagmamasad

Mayroong ibat-ibang pagkauhaw. Ikaw, kapag nauuhaw ka—ano ang hinahanap ng puso mo?

Paghahawi

Pagkaraan ihabilin ni Jesus ang Kanyang ina sa alagad, alam ni Jesus na natupad na ang lahat. Ngunit kailangang maganap ang Kasulatan, at sinabi Niya: “Nauuhaw ako.”

Pagtatabas

Bakit kaya nambit ni Jesus ang mga katagang, “nauuhaw ako”? Pagkauhaw ba sa tubig ang tinutukoy niya?

Pagsasaayos

May mga Judiong sumigaw ng, ‘Osana sa kaitaasan’ na sumigaw din ng, ‘Ipako siya sa krus’. Meron sa kanila na saksi sa ginawang kabutihan at himala ni Jesus. Nauuhaw Siya sa pananalig ng mga taong sumigaw na ipako Siya sa Krus at sa lahat na hindi pa kumikilala sa Ama.

Tayo rin, may pagkakataon na nauuhaw tayo sa pagmamahal ng pamilya at kaibigan. Mapapawi ang pagkauhaw natin kung iaalay ito kay Jesus at alalahanin ang pagkauhaw din Niya sa Krus.

Pagdiriwang

Panginoon Jesus, sa mga oras na nakakaranas kami ng matinding pagkauhaw sa pagmamahal, basbasan Niyo kami ng tubig ng buhay upang mapawi ito. Balutin Niyo kami ng Inyong pagmamahal na walang hanggan. Amen

IKa-8 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 4 / (Puti)

San Felipe Neri

Salmo 98:1, 2-3ab, 3kd-4

Ang D'yos na rin ang naghayag
ng handog n'yang pagliligtas.



Martes
26 MAYO

Unang Pagbasa: 1 Pedro 1:10-16

Ito ang kaligtasang sinuri at siniyasat ng mga propeta at ipinahayag na ipagkakaloob ng Diyos sa inyo. Ngunit nakapaghanap lamang sila nang tinukoy ng Espiritu ni Kristo na nasa kanila, ang panahon at mga pangyayaring ito: ang mga hirap ni Kristo at ang kaluwalhatiang kasunod nito.

Ibinunyag sa kanila ng Diyos na inihanda nila ang mga bagay na ito hindi para sa kanilang sarili kundi para sa inyo. Kaya ngayon, pagkasugo sa Espiritu Santo mula sa langit, ipinahayag ng mga nag-ebanghelyo sa inyo ang mga dakilang bagay na ito na minimithing mauunawaan maging ng mga anghel.

Kaya maging handa ang inyong isipan at kayo'y maging mahinahon upang maghintay sa ipagkakaloob sa inyo kapag nagpakita si Jesucristo. Pagsunod ninyo sa aral, huwag na ninyong balikan ang dating pamumuhay at mga pagnanasa noong mangmang pa kayo.

Tularan ninyo ang tumawag sa inyo: banal siya kaya maging banal din kayo sa lahat ng inyong pamumuhay. Nasusulat: "Maging banal kayo sapagkat ako'y banal."

Ebanghelyo: Marcos 10:28-31

Nagsalita naman si Pedro at sinabi: "Iniwan namin ang lahat para sumunod sa iyo." Sinabi ni Jesus: "Talagang sinasabi ko sa inyo: walang nag-iwan ng tahanan, mga kapatid, ina at ama at mga anak at mga bukid alang-alang sa akin at sa Ebanghelyo na walang gantimpala. Tatanggap nga siya ngayon ng makasandaang beses ng mga tahanan, mga kapatid, mga ina at mga anak at mga bukid sa gitna ng mga pag-uusig, at sa panahong darating nama'y makakamit niya ang buhay na walang hanggan.

May mga una ngayon na mahuhuli at may mga huli naman na mauuna."

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Andro L. Fernandez, OFM

PARISH FIESTA:

Visitation of Our Lady Parish | Our Lady of Peace and Good Voyage Parish | Holy Trinity Parish

DATE OF ESTABLISHMENT:

1999, San Isidro Labrador Parish

Pagmamasiid

Iniwan ko na ba ang lahat, para sumunod sa isang tao? Sino siya, at bakit?

Paghahawi

Nagsalita si Pedro: "Iniwan namin ang lahat para sumunod sa iyo." Sinabi ni Jesus: "...walang nag-iwan ng tahanan, mga kapatid, ina at ama, mga anak at bukid, alang-alang sa akin at Ebanghelyo, na walang gantimpala. Tatanggap siya ngayon ng makasandaang beses ng mga ito."

Pagtatabas

Tinupad ba ni Jesus ang pangako Niya sa aking pagsunod sa Kanya? Paano?

Pagsasaayos

Tulad ni Pedro, may mga iniwan tayong bagay o plano upang sumunod kay Jesus. Sa Kanya, tinatanggap natin ang biyayang higit pa sa inaasahan: buhay, gabay, at kapayapaan.

Ang pagtalikod sa kasalanan at pagtanggap sa kalooban ng Diyos ang tunay na pagsunod. Sa bawat hakbang, tinutupad Niya ang Kanyang pangako

Pagdiriwang

Amang mapagmahal, nagpapasalamat kami sa mga biyayang ipinagkakaloob Niyo sa aming lahat. Tulungan Niyo kaming maging bukas at laging sumusunod sa Kalooban Ninyo, at makamit ang buhay na walang hanggan.



Unang Pagbasa: 1 Pedro 1:18-25

Ebanghelyo: Marcos 10:32-45

Sa paglakad nila paahon sa Jerusalem, nanguna si Jesus at nagtaka sila. Natakot naman ang mga kasunod nila. Muli niyang isinama ang Labindalawa at habang nasa daan ay sinimulan niyang sabihin sa kanila ang mga sasapitin niya: "Tingnan ninyo, papunta na tayo sa Jerusalem. Doon ibibigay ang Anak ng Tao sa mga punong-pari at mga guro ng Batas na maghahatol sa kanya ng kamatayan. Kaya ibibigay nila siya sa mga pagano. Pagtatawanan nila siya, luluraan, hahagupitin at papatayin. Ngunit babangon siya pagkatapos ng tatlong araw."

Lumapit noon kay Jesus sina Jaime at Juan na mga anak ni Zebedeo, at sinabi sa kanya: "Guro, gusto sana naming gawin mo ang hihingin namin sa iyo." At sinabi ni Jesus: "Ano ang gusto ninyong gawin ko?" Sumagot sila: "Ipagkaloob mo sa amin sa iyong kaluwalhatian na maupo ang isa sa amin sa kanan mo, at ang isa naman sa kaliwa mo."

Sinabi ni Jesus: "Talagang hindi ninyo alam kung ano ang hinihingi ninyo. Maiinom ba ninyo ang kopang iinum ko at mabibinyagan sa binyag na ibininyag sa akin?" Sumagot sila: "Kaya namin." Sumagot si Jesus: "Totoong iinom din kayo sa kopang iinum ko at mabibinyagan sa binyag na ibibinyag sa akin. Ngunit wala sa akin ang pagpapaupo sa aking kanan o kaliwa. Ini-handa ito para sa iba."

Nang marinig ito ng sampu, nagalit sila kina Jaime at Juan. Kaya tinawag sila ni Jesus at sinabi sa kanila: "Nalalaman ninyo na sinusupil ng mga naghahari ang kani-lang mga bansa at inaapi ng mga nasa kapangyarihan. Huwag namang ganito sa inyo: ang may gustong maging dakila, siya ang maging lingkod ninyo; ang may gustong mauna sa inyo, siya ang maging alipin ninyo."

Gayundin naman, dumating ang Anak ng Tao hindi para paglingkuran kundi para maglingkod at ibigay ang kanyang buhay bilang pantubos sa marami."

Pagmamasisid

Karaniwan, pinapupurihan at pinaglilingkuran ang dakilang tao. Ngunit paano mo tinitingnan ang isang taong-lingkod—yung tahimik, mapagpakumbaba, at handang mag-alay ng sarili para sa iba?

Paghahawi

"Ibibigay ang Anak ng Tao sa mga punong-pari at guro ng Batas. Pagtatawanan, luluraan, hahagupitin, at papatayin siya. Ngunit babangon siya pagkatapos ng tatlong araw..."

Pagtatabas

Handa ba akong maglingkod, kahit hindi mapansin o purihin?

Pagsasaayos

Karaniwan, ang tingin natin sa isang dakilang tao, pinaglilingkuran, hindi taong-lingkod. Subalit, si Jesus, dakilang Anak ng Ama, masunurin sa Kanya hanggang kamatayan, at dumating upang ialay ang sarili, at paglingkuran ang sangkatauhan.

Tunay ngang dakilang lingkod ang Panginoong Jesus. Sa mundo, pinaglilingkuran ang dakila. Ngunit para kay Jesus, ang paglilingkod ang tunay na kadakilaan. Bilang Anak ng Diyos, naging masunurin si Jesus hanggang kamatayan, at inialay ang sarili para sa kaligtasan ng marami. Tinatawag din tayo na maging dakilang lingkod; sa pamilya, komunidad, at Simbahan, kahit sa simpleng paraan.

Pagdiriwang

Ama, nawa maging dakilang lingkod din kami sa aming kapwa, kahit sa munting bagay, para sa Kaluwalhatian Niyo. Amen.

IKA-8 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 4 / (Luntian)

Salmo 100:2, 3, 4, 5

*Lahat tayo'y kanyang bayan,
kabilang sa kanyang kawan.*



Huwebes
28 MAYO

Unang Pagbasa: 1 Pedro 2:2-5, 9-12

Ebanghelyo: Marcos 10:46-52

Dumating sila sa Jerico. At pag-alis niya droon kasama ng kanyang mga alagad at ng marami pang tao, may isang bulag na pulubi na nakaupo sa tabi ng daan – si Bartimeo, ang anak ni Timeo. Nang marinig niya na si Jesus na taga-Nazaret ang dumaraan, nagsimula siyang sumigaw: “Kaawaan mo ako, Jesus, Anak ni David.” Pinagsabihan siyang tumahimik ng mga tao pero lalo lamang niyang nilakasan ang kanyang sigaw: “Panginoon, Anak ni David, maawa ka sa akin!” Huminto naman si Jesus at sinabi: “Tawagin ninyo siya.” Kaya tinawag nila ang bulag: “Lakasan mo ang iyong loob at tumindig ka. Tinatawag ka nga niya.” Inihagis nito ang kanyang balabal at paluksong lumapit kay Jesus.

Kinausap ito ni Jesus at sinabing: “Ano ang gusto mong gawin ko?” At sumagot sa kanya ang bulag: “Ginoo, makakita sana ako.” At sinabi naman ni Jesus: “Sige, ang iyong pananalig ang nagligtas sa iyo.”

Agad siyang nakakita at sumunod siya kay Jesus sa daan.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Luciano Ariel Felloni

Pagmamaisid

Kung bulag ka, gusto mo pa bang makakita? Bakit?

Paghahawi

Kinausap ni Jesus ang bulag: “Ano ang gusto mong gawin ko?” Sumagot ang bulag: “Ginoo, makakita sana ako.” Sinabi ni Jesus: “Sige, ang iyong pananalig ang nagligtas sa iyo.” Agad nakakita ang bulag, at sumunod kay Jesus sa daan.

Pagtatabas

Matutularan ko ba ang pananalig ng bulag na mapapagaling ni Jesus ang aking kapansanan?

Pagsasaayos

Tulad ng bulag sa Ebanghelyo, may mga bahagi din sa ating buhay na hindi natin “nakikita”, mga sugat, takot, o pagkalito.

Ngunit laging handang tumugon si Jesus, ang makapangyarihang Anak ng Diyos sa ating mga panalangin kung buong pananalig at pagtitiyaga tayong lalapit sa Kanya.

Ang simpleng panalangin ng bulag—“Ginoo, makakita sana ako”—ang naging daan ng kanyang kagalingan.

Naririnig din ni Jesus ang ating pagsusumamo, Ang ating pananampalataya ang titinag sa puso Niya, upang ipagkaloob ang ating hinihiling.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, nananalig kaming ipagkaloob Niyo ang aming hinihingi nang buong pagtitiyaga, pananalig, at kababaang-loob.

Biernes
MAYO **29**



**IKA-8 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 4 / (Luntian/Puti)
Papa San Pablo VI

Salmo 96:10, 11-12, 13
*Panginoo'y paririto
upang hatulan n'ya tayo.*

Unang Pagbasa: 1 Pedro 4:7-13

Ebanghelyo: Marcos 11:11-26

Dumating si Jesus sa Jerusalem at pumasok sa Templo. Minasdan niya ang lahat at dahil magdadapithapon na, bumalik siya sa Betania kasama ng Labindalawa.

Kinaumagahan, paglabas nila sa Betania, nagutom siya. Nang mapansin niya sa malayo ang isang puno ng igos na may mga dahon, nilapitan niya iyon kung makakakita siya roon ng anuman. Ngunit paglapit niya, wala siyang natagpuang anuman kundi mga dahon lamang. Hindi nga panahon ng igos. Kaya sinabihan niya ang puno: "Wala nang bungang makakain mula sa iyo magpakailanman." At narinig ito ng kanyang mga alagad.

Pagkarating ni Jesus sa Jerusalem, pumasok siya sa Templo at sinimulan niyang palayasin ang mga nagtitinda at bumibili sa patyo ng Templo. Itinaob niya ang mga mesa ng mga nagpapalit ng pera at ang mga upuan ng mga nagtitinda ng mga kalapati. At hindi niya pinayagang dumaan sa Templo ang may dalang anumang bagay.

Tinuruan niya sila at sinabi: "Hindi ba nasusulat na, *tatawaging bahay-dalanginan para sa lahat ng bansa ang aking bahay?* Ngunit ginawa ninyo itong kuta ng mga magnanakaw."

Nabalitaan naman ito ng mga punong-pari at mga guro ng Batas at hangad nila siyang iligpit. Takot nga sila sa kanya sapagkat namamangha ang lahat sa kanyang pagtuturo. At nang hapon na, muli silang lumabas ng lunsod. Pagbalik nila kinaumagahan, nakita nilang natuyo hanggang ugat ang punong-igos. Kaya naalaala ni Pedro ang tungkol dito at sinabi niya: "Guro, natuyo ang isinumpa mong punong-igos."

At nagsalita si Jesus sa kanila: "Sumampalata kayo sa Diyos. Talagang sinasabi ko sa inyo: kung may magsasabi sa bundok na ito: 'Tumayo ka't itapon mo ang iyong sarili sa dagat!' at wala siyang alinlangan kundi naniniwala siyang mangyayari ang kanyang sinabi, mangyayari ito sa kanya. Kaya sinasabi ko sa inyo: anuman ang hingin ninyo sa panalangin, sumampalataya kayo na natanggap na ninyo at tatanggapin ninyo."

At pagtindig ninyo sa pananalangin, magpatawad kayo kung mayroon kayong sama ng loob kaninuman; sa gayo'y patatawarin din kayo ng inyong Amang nasa langit sa inyong mga kasalanan."

Pagmamasiid

Nahihirapan ba akong magpatawad sa kapwang nanakit sa akin?

Paghahawi

Payo ni Jesus sa mga apostol: "Sa pagtindig ninyo sa pananalangin, magpatawad kayo kung mayroon kayong sama ng loob kaninuman. Sa gayon, patatawarin din kayo ng inyong Amang nasa langit sa inyong mga kasalanan."

Pagtatabas

Kaya ko bang gawin ang payo ni Jesus na patawarin ang sinumang may sama ako ng loob?

Pagsasaayos

Kung patuloy ang sama ng loob sa ating puso sa nanakit sa atin, sa halip na patawarin siya, wala tayong kapayapaan, at maaaring mapa sama ang ating kalusugan. Humingi tayo ng tulong sa Diyos sa panalangin. Nakakatunaw ng galit ang pagmamahal. Pairalin ang pagmamahal sa puso upang makapag patawad sa grasya ng Diyos. Magpatawad tayo, upang mapatawad din tayo ng Diyos sa ating mga kasalanan.

Pagdiriwang

Ama, may mga pagkakataong nahihirapan akong magpatawad. Palalimin Niyo ang aking pananampalataya, upang makapag patawad ako, tulad nang pagpapatawad Niyo sa aming mga pagkukulang at sala sa Inyo.

IKa-8 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 4 / (Luntian/Puti)

Mahal na Birheng Maria

Salmo 63:2, 3-4, 5-6

Aking kinasasabikan,
Panginoon, ikaw lamang.



Sabado
30 MAYO

Unang Pagbasa: Judas 1:17, 20b-25

Alalahanin ninyo, mga minamahal, ang sinabi ng mga apostol ni Jesucristo, aking Panginoon. Sinabi nga nila: "Sa huling panahon lilitaw ang mga manlilibak na susunod sa kanilang mga pagnanasa – na makasalanang mga pagnanasa. Sila ang gumagawa ng hidwaan sa inyo. Makalupang tao sila na hindi taglay ang espiritu. Ngunit kayo naman, mga minamahal, itayo ang inyong pagkatao sa batayan ng inyong napakabanal na pananampalataya. Dumalangin kayo sa Espiritu Santo, ingatan ninyo ang sarili sa pag-ibig ng Diyos, maging handang tumanggap ng awa ng ating Panginoong Jesucristo at akayin sa buhay na walang-hanggan.

Kung may nag-aalinlangan, hikayatin ninyo sila; hanguin ninyo sa apoy ang iba at iligtas sila; kahabagan naman ang iba nang maingat at kasuklaman maging ang damit na nadungisan ng kanilang katawan.

Sa kanya na may kakayahang ingatan kayo, panatilihin kayong walang pagkahulog at iharap kayong magalak at walang kapintasan sa kanyang Kaluwalhatian, sa iisang Diyos na nagliligtas sa atin kay Jesucristo na ating Panginoon – sa kanya nawa ang kaluwalhatian, karangalan, lakas at kapangyarihan mula sa simula pa at magpasawalanghangan. Amen.

Ebanghelyo: Marcos 11:27-33

Muli silang dumating sa Jerusalem at paglakad niya sa Templo, nilapitan siya ng mga punong-pari kasama ang mga guro ng Batas at ang Matatanda ng bayan, at tinanong: "Ano ang karapatan mong gawin ang mga ito? Sino ang nagtalaga sa iyo para gawin ito?"

Sinabi naman ni Jesus: "Tatanungin ko rin kayo ng isang tanong. Sagutin ninyo ako at sasagutin ko rin kayo kung sino ang nagtalaga sa akin para sa mga ito. Galing ba sa Diyos ang pagbibinyag ni Juan, o sa tao? Sabihin ninyo sa akin."

At nag-isip-isip sila: "Kung isasagot nating galing sa Diyos, sasabihin niya: 'Bakit di kayo naniwala sa kanya?' At paano naman natin masasabing galing lamang sa tao ang pagbibinyag ni Juan?" Takot nga sila sa bayan dahil tunay na propeta ang palagay ng lahat kay Juan. Kaya isinagot nila kay Jesus: "Hindi namin alam." At sinabi sa kanila ni Jesus: "Hindi ko rin sasabihin sa inyo kung sino ang nagtalaga sa akin na gumawa ng mga ito."

PARISH FIESTA:

Corpus Christi Parish | Parokya ng Banal na Sakramento

Pagmamasiid

Naranasan mo na bang pagdudahan ang iyong ginagawa?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "Tatanungin ko rin kayo ng isang tanong. Sagutin ninyo ako at sasagutin ko rin kayo, kung sino ang nagtalaga sa akin para sa mga ito. Galing ba sa Diyos ang pagbibinyag ni Juan, o sa tao? Sabihin ninyo sa akin."

Pagtatabas

Ano ang sagot natin sa tanong ni Jesus kung sino ang nagtalaga sa Kanya na gawin lahat ng Kanyang ginagawa?

Pagsasaayog

Hinamon ng mga punong-pari, guro ng Batas, at Matatanda ng Bayan ang karapatan ni Jesus na gawin ang mga ginagawa Niya para sa mga tao. Mahalagang yakapin at sundin ang mga atas ni Jesus, na galing sa Ama, at huwag magduda sa Kanyang kapangyarihan, katotohanan, at kabutihan. Siya ang ating Panginoong isinugo ng Ama, upang maligtas tayong lahat sa kasalanan.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, nanalig kami na itinalaga Kayo ng Ama, upang ipahayag sa amin ang mga salita Niya, pagalingin ang may sakit, paalisin ang demonyo, at iligtas kaming lahat.

Ikalawang Pagbasa: 2 Corinto 13:11-13

Sa wakas, mga kapatid, magalak kayo. Sikapin ninyong maging ganap, at mag-alihw-aliw kayo. Magkaisa sana kayo sa iisang diwa at mamuhay na mapayapa, at sasainyo ang Diyos ng pag-ibig at kapayapaan. Magbatian kayo ng banal na halik. Binabati kayo ng lahat ng banal.

Sumainyo ang kagandahang-loob ng Panginoong Jesucristo, ang pag-ibig ng Diyos at ang pakikisama ng Espiritu Santo.

Nagmamadaling yumuko si Moises sa lupa at sumamba. At sinabi niya: “O Panginoor, kung kalugud-lugod nga ako sa iyong paningin, halika’t lumakad kasama namin. At kahit na matigas ang ulo ng bayang ito, patawarin mo sana ang aming mga kasamaan at pagkakasala at angkinin kami.”

Ebanghelyo: Juan 3:16-18

Ganito nga kamahal ng Diyos ang mundo! Kayat ibinigay niya ang kanyang bugtong na anak upang hindi na mawala ang bawat nananalig sa kanya kundi magkaroon ng buhay magpakailanman.

Hindi nga sinugo ng Diyos sa mundo ang Anak upang hukuman ang mundo kundi upang maligtas ang mundo sa pamamagitan niya. Hindi hinuhukuman ang nananalig sa kanya. Ngunit hinukuman na ang hindi nananalig pagkat hindi siya nananalig sa Ngalan ng bugtong na Anak ng Diyos.



“Ganito nga kamahal ng Diyos ang mundo! Kayat ibinigay niya ang kanyang bugtong na anak upang hindi na mawala ang bawat nananalig sa kanya kundi magkaroon ng buhay magpakailanman.”

BIRTHDAY: Rev. Fr. hernando B. batomalaque

SACERDOTAL ANNIVERSARY:

Rev. Fr. Nguyen Xuan Thuyen, ICM | Rev. Fr. Apolonio Z. Arcala, Jr., OFM

Pagmamasiid

Sinu-sino ang naglalayo at nagliligtas sa akin sa kapahamakan?

Paghahawi

Paliwanag ni Jesus: “Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sumasampalataya sa Kanya, hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sapagkat sinugo ng Diyos ang Kanyang Anak, hindi upang hatulang maparusahan ang sanlibutan, kundi upang iligtas ito sa pamamagitan Niya.”

Pagtatabas

Paano tayo magpapasalamat sa Diyos Ama, sa pagbigay Niya ng Kanyang bugtong na Anak, upang magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan?

Pagsasaayos

Si Jesus, ang Anak ng Diyos, nag-alay ng buhay sa Krus upang ilayo tayo sa kapahamakan ng kasalanan. Sa tuwing nagkakasala tayo, hindi lamang tayo lumalayo sa Kanya—pinapabigat natin ang Krus na Kanyang pinasan. Magpasalamat tayo sa Kanyan hindi lamang sa panalangin, kundi sa pag-iwas sa kasalanan at pagtulong sa kapwa. Sa ganitong paraan, nakikibahagi tayo sa Kanyang sakripisyo at nagiging daan ng pag-asa para sa iba.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, Papuri at pasasalamat sa Iyong dakilang pagpapakasakit sa Krus, na naging daan ng aming kaligtasan. Sa Iyong walang hanggang pag-ibig, natutunan naming umasa, magpatawad, at magmahal. Nawa’y maging buhay naming alay ang aming pasasalamat sa Iyo. Amen.